

## Ang Pagtakas, Pagbalik, at Paghamon sa Realidad ng Panlipunang-Uri sa Konteksto ng Filipino Fandom

Andrea Anne I. Trinidad

Ateneo de Manila University

### ABSTRAK

May malusog na artikulasyon ang paghanga sa kontekstong Pilipino. Umiiral man bilang bahagi ng akademikong pag-aaral o nakapaloob sa isang popular na midyum tulad ng komiks, radyo, telebisyon o pelikula, mayroong sapat na espasyo upang maitampok ang mga fan at mapag-usapan ang mas malawak na kultura ng paghangang aktibo nitong kinabibilangan. Gamit bilang lunsaran ang mga tinipong pananaliksik at salaysaying nag-aalok ng paglalarawan at pagkilates sa mga tagahanga, tatangkain ng sanaysay na makapaghain ng panimulang pag-usisa sa interseksiyon ng paghanga at panlipunang-uri bilang magkakawing na katotohanang kinalulubugan ng fans. Gayong panlipunan at pang-ekonomikong estado ang ilan sa mga kategoryang hindi nabibigyan ng sapat na pansin sa larangan ng *Fan Studies* na aminadong tali sa pamamayani ng makakasariang pananaw habang isang disiplinaryang kasalukuyang tumutugon sa panawagang tapikin ang makalahing diskurso, patitingkarin ng papel ang interesanteng konteksto ng Filipino fans at ang masalimuot na anyo ng mga paghangang Pilipino bilang batis ng mayamang datos na maaaring makapuno sa madalas hindi pinapansing siwang sa larang. Siksik sa halimbawa kung paano natatakas, nababalikan, at nahahamon ng fans ang usapin ng uri, pinakalayan ng pananaliksik ang lalo pang pagbanat sa hanggahan ng larangan na naninindigan sa halaga ng pagkilala sa inklusibo at maramihang representasyon.

*Mga Susing-Salita:* Aralin sa Paghanga (*Filipino Fan Studies*), Filipino fandom, Filipino fans, panlipunan at pang-ekonomikong estado, panlipunang-uri

### ABSTRACT

There is a rich articulation about fannishness in the Filipino context. Whether it exists as part of an academic study or embedded in more popular forms of media such as comics, radio, television or film, there is ample space dedicated to highlight fans and discuss the wider culture of fandom they are actively involved in.

Using research articles and narratives that offer descriptions and analysis of fans, the essay will attempt to present a preliminary inquiry into the intersection of fandom and social class. Since social and economic status are categories that are not given enough attention in the field of Fan Studies, which is admittedly dominated by gender perspectives even if it does respond to the call to tap race as a lens of analysis, this paper will look at the interesting context of Filipino fans and the complex forms of Filipino fandom as a possible source of rich data that can fill an often overlooked gap in the field. Providing numerous examples of how fans escape, reclaim, and challenge issues of class, the research aims to further push the boundaries of the field of Fan Studies that recognizes the importance of inclusive and plural forms of fan representations.

*Keywords:* Filipino Fan Studies, Filipino Fandom, Filipino Fans, Social and Economic Status, Social Class

### **“Tikman ang Langit”: Paghanga Bilang Pansamantalang Pagtakas sa Mapandiktang Panlipunang-Uri**

Sa katang “Para sa Masa” (1997) ng bandang Eraserheads, partikular na inihahanay sa makauring kategorya ng ‘masa’ ang “. . . lahat ng fans ni Sharon Cuneta.” Itinatabi sa iba pang inisa-isang pangkat tulad ng “. . . lahat ng mahilig sa love song at drama/ lahat ng ‘di marunong bumasa/ lahat ng may problema sa ‘skwela’ at “. . . lahat ng may problema sa pera,” malinaw na kabahagi ang naturang fans sa sektor na pinaniniwalaang minsang inaliw at “binigyan ng ligaya” ng personang mahigpit na kumakatawan sa banda upang patikimin ng pansamantalang pagtakas mula sa kinalulugmukang kahirapan. Nakapakete sa mapanglaw na tono ng panghihinayang na malaong mababakasan ng mapait na paninisi mula sa personang “pinilit [na] iahon” ang “[masang] ayaw namang sumama,” may pamumunang tinuturo ang kanta hinggil sa nakikita nitong problematikong pagkonsumo ng nagumong masang hindi matakas-takasan ang mga kinawiwilihang materyal na paulit-ulit lang namang gumagamit ng mga elementong pamilyar at pormulang gasgas. Higit na pinalililaw ng kontekstong naisapubliko ang awitin wala pang isang taon matapos ang malawakang pagsasawalambahala ng karaniwang tagapakinig ng banda sa inilabas nitong eksperimental na album– ang *Fruitcake* (1996) na hayagang lumalayo sa kinasanayang wika, mensahe, tunog, at estetikang tatak E-heads– nabibigyan ng mas malalim na dimensiyon ang hinanakit na makikitang tumatagos sa ilang piling linya ng awitin (“The Eraserheads Memorable Singles (Part 2)”; Rodriguez).

May malagong talakayang nakapalibot sa kanta. Simula nang mapakinggan ito bilang bahagi ng album na *Sticker Happy* noong 1997 hanggang sa nahagip sa

isang panayam noong 2018 ang pagsisisi ng manunulat nitong si Ely Buendia sa napakaelitistang pananaw na nag-aangat sa sariling paglikha sa pamamagitan ng pandudusta sa panlasa ng masa (Torregoza), natutuhog ng awitin at ilang pagsusuri tungkol dito ang usapin ng marupok na kaisahan sa pagitan ng bandang kumakatawan sa gitnang-uri na pinasikat ng masang tagahangang natapik ang interes sa anyo ng musikang alok nito (Malabed 5) at ang malubak na daang kailangan tahakin ng manlilikha para makongkretisa ang layong kumawala sa hawla ng *pop* at tangkaing sumulong sa mas masining na tunog.

Bukod sa mga nabanggit na, may landas pang maaaring bagtasin upang mabangat ang diskursong umuugat sa nilalaman at konteksto ng awitin. Bukod sa pagtalakay sa pagpapasya ng banda hinggil sa karera nito kaugnay ang nakikitang hangganan ng pakikiyayon nito sa kagustuhan ng mga tagasuporta, maaari ding balingan ng pansin ang pag-usisa sa motibasyon at dahilan sa likod ng pihado nang gawi sa pagkonsumo ng masa sa mga uri ng tugtugin, babasahin, at panooring kapunapunang may iisang hulma. Sa sanaysay ni Joi Barrios na mapagnilay na naghahain ng sagot sa “Kung Bakit Lagi Kong Pinapanood ang mga Pelikula ni Sharon Cuneta,” direktang naipaliwanag hindi lang ang dahilan sa personal niyang pagpila sa mga paulit-ulit lang naman ding pelikula ng hinahangaang aktres kundi pati na rin ang sentral na kabatirang nagmumungkahi ng dahilan kung bakit tila namayani ang pagkaasiwa sa mga nawalay (*alienated*) na tagapakinig sa binagong tunog ng Eraserheads sa album nitong *Fruitcake*. Payak ang pagkakapaliwanag ni Barrios. Para sa kaniya, hindi kasi madaling itahi ang inaasam na “pag-ahon” ng persona sa awitin sa paghimok na sumakay ang masa sa gusto nitong pagbabago dahil sa pagkonsumo ng pamilyar at paulit-ulit “. . . nakatitiyak [ang masa] sa mapapanood. Alam [nilang] masusulit ang [kanilang] sampung piso. Ano man ang pamagat, sino man ang kapareha, kakanta man siya o hindi [sa konteksto ng pelikula ni Sharon], siguradong tatawa [sila], iiyak, iibig, at makikihati sa kanyang tagumpay sa wakas” (279).

Sa parehong sanaysay, tinukoy rin ni Barrios ang iba’t ibang antas ng pagtakas na nailulunsad ni Sharon at ng kaniyang mga pelikula lalo na para sa mga masugid nitong tagahanga. Bukod sa pagkilalang pinasisinayan ng akto ng panonood (at kung babanatin, pati na rin ng paghanga) ang “pagtakas sa buhay” (285), masidhing ipinakilala ni Barrios ang iba pang bagay na siyang nililimot at isinasantabi ng fans katulad ng halaga ng mapanuring pagsiyasat sa umiiral na kawalang-katarungan at kakawing sana nitong potensiyal na pag-alabin ang kagustuhang mag-aklas tungo sa pagbabago. Dahil nakikita bilang hanay na may mataas na “pananalig sa suwerte,” naniniwala si Barrios na ang pananatiling “atsay, basurera, at martir na babae ng mga kapwa Pilipina [at tagahanga na ring] nakakasabay pila” ay maisisisi sa walang humpay nitong pagkiling at pagsandig sa “pabaong pangarap at pag-asa” ng madalas paroorin na mga pelikula (285).

Hindi madaling pasubalian ang hatol ni Barrios laban sa kapwa niya Sharonian dahil may patotoo naman sa pahayag na naitataguyod ng paghanga ang posibilidad ng pagtakas sa pag-aalok nito ng mga kongkretong pagpapantasyang maaaring harayain. Sa pag-usisa halimbawa ni Gilbert Jacob Que kung bakit pumatok ang mga dramang Koreano sa bansa, naniniwala siyang natutugunan kasi ng mga ganitong materyal ang kolektibong pantasya ng mga Pilipino tulad ng pagkakaroon ng oportunidad na makapaglakbay at makababad sa isang banyagang kultura upang makakita ng niyebe (49). Subalit, sa isang banda, kailangan ding timplahin ang grabedad ng naging pagkilala ni Barrios sa mga bagay na kayang takasan ng fans sa proseso ng kanilang konsumpsiyon. Gamit ang iba pang awiting may direktang presensiya ng fan bilang personang nagsasalaysay ng sariling karanasan, maaaring patingkarin ang kamalayan na mayroon ang fans hinggil sa kung papaano pansamantala lamang ang paglimot – na isa lang itong limitadong patikim na batid ding tutungo sa mabilisang paglaho at pagwawakas.

Kung susuriin ang mas maindayog na awiting “Movie Fans” (1979) ni Celeste Legaspi na sinisimulan ng mga linyang nagtatala ng mga praktis na nakatatak na bilang karaniwang ikonograpiya ng isang tagahangang kakikitaan ng tapat na pagmamahal sa idolo– “bakod ay aakyat, hirap ay hindi pansin/ autograph ay hihingin/ itatabi hanggang libing...kaming mga alalay, handang makipag-away.../ matiyagang maghihintay [sa] one and only superstar”– ikakabig ng awitin sa huli nitong berso ang paghingi ng pag-unawa ng nagsasalitang movie fan sa madlang madalas makasaksi sa kaniyang debosyon.

Huwag kayong matatawa, huwag na huwag magtataka  
Dahil 'di naiiba, pangarap nati'y iisa  
Ang mawaglit ang pait, ang pait ng buhay at pag-ibig  
**Kahit saglit yakapin ang langit** [akin ang diin].

May tatlong interesanteng bagay na iniaalok ang siniping berso. Una, ang nahihita ng movie fan sa kaniyang paghanga. Ikalawa, ang kabatirang “saglit,” minsanan, at kung gayon may hangganan ang talab nito. At ikatlo, ang paniniwalang parepareho ang pangarapin ng bawat indibidwal (fan man o hindi) na pinagkakaisa ng kagustuhang makanamnam ng “langit.” Kung naipapakita ng “Para sa Masa” para kay Malabed ang kaisahan o *oneness* sa pagbubuklod ng mga karanasang “iba-iba at samot-sari ngunit may kaisahan” (5) na kinakatawan ng bawat linyang maihahanay at maihahanay sa mas malawak na kategorya ng ‘masang’ tampok sa pamagat, nirerepresenta naman ng pahabol na pasintabi sa kanta ni Legaspi ang metaporang palasak na ring nagbubuod sa makauring aspirasyon ng isang movie fan na laging inuunawa bilang bahagi ng uring pemenisado, mahirap, at bata kung kaya’t madaling nahuhumaling sa kulturang popular bilang mababang uri ng sining (Mueller 25).

Para kay Kathryn Fuller-Seeley may isang hiblang nagtatahi sa panimulang pagkilala sa madlang manonood ng pelikula o movie fans sa kasaysayang pampelikula ng Amerika. Nagsimula bilang pangkat na hindi pinapansin dahil tinututukan lamang ng mga diskurso ang mga manlilikha tulad ng mga tagapangasiwa ng estudio, direktor, at artista (28), tanging nahahagip ang hanay ng mga manonood sa mga pahaging na obserbasyong nililikha ng mga kritiko na lagi't laging minamata ang antas ng sigasig na mayroon ang kadalasang babae at batang tagasubaybay na bahagi ng migranteng urban na siyang ginagawang sentro ng pakikipagkapwa ang mga mumurahing sinehan na pansamantalang itinatayo para sa uring manggagawa (28-29). Bagaman nakasentro sa konteksto ng Amerika, hindi ito nalalayo sa kung paano binibigyang-paglalarawan ang madlang manonood sa kasaysayang pampelikula ng Pilipinas. Hindi man kasinlakas ang impluwensiya ng makakasariang pagkakategorya, mahigpit namang nanatili hanggang sa kasalukuyan bilang pagkakakilanlang hindi mabura-bura ang pangmamatang “bakya” na malawakang nakabatay sa uring kinabibilangan ng manonood na pinaniniwalaang nakaiimpluwensiya sa personal na interes at panlasa (Lacaba 117-19).

Gayong mahirap madestrangka ang makauring distinsiyon, hindi kagulat-gulat na tumatagos din ang pananaw na ito sa iba pang anyo ng kulturang popular maski yaong malawakang iniaalok para sa kalalakihan gaya ng basketbol bilang isang isport. Sa bansa, hindi matatawaran ang ipinamalas na ingay ng fandom na tinatawag na Barangay Ginebra. Kung si Nora ang “one and only superstar” na maipagpapalagay na hinahangaan ng personang movie fan sa kanta ni Legaspi na kumakatawan sa “dream made flesh” (Almario 135) para sa kaniyang lumpeng tagahanga sa pagkakasungkit ng tagumpay nang magningning bilang natatanging transmedia artist sa bansa noong dekada sitenta hanggang otsenta sa kabila ng di-pribilehiyadong posisyong ginipit ng kinabibilangang uri, etnisidad, lahi, at kasarian (Lim, “Fandom, Consumption, and Collectivity in the Philippine New Cinema” 180), ang koponang Ginebra naman ang binansagang “team of the masses in PBA” noong dekada 90s (Antolihao 451).

Bukod sa identipikasyon sa mga manlalarong galing sa parehong sosyo-ekonomikong antas at sa paghanga sa ipinapakita nitong teknik sa paglalaro na lumilimot sa teknikal at siyentipikong pamamaraan upang paninindigan ang diwang “never say die” sa kabila ng pagmumukhang walang binatang sa kalabang koponan sa simula (Antolihao 456-57), isang minanang tradisyon na rin ang kalakarang nadatnan ng Barangay Ginebra kung saan mahigpit na nakabatay ang “imagined community” na nabubuo sa pagitan ng iniidolng pangkat at mga fans sa pagiging kabilang ng mga ito sa iisang tiyak na uring panlipunan na madaling kinakatawan ng produktong ibinabansag sa koponan (Antolihao 463). Noong mga

taon bago pumutok ang kasikatan ng Ginebra, Toyota at Crispa ang mga koponang bumubuo sa binaryang elite at masa pagdating sa pagsuporta sa basketbol. Dahil isinunod ang pangalan ng una sa isang kompanyang nagbebenta ng kotse na pawang binubuo ng mga mestisuhing manlalaro, mayoryang binubuo ng mga indibidwal mula sa gitna hanggang mataas na uri ang tagasuporta ng pangkat. Samantala, dahil mumurahing damit na nagmumula sa lansakang produksiyon ang kinakatawan ng Crispa, dagdag pa ang mga manlalaro nitong nadiskubre sa probi-probinsya, naging mas popular ang pangkat sa mababang-uring tagasubaybay ng isports (Antolihao 455).

Hindi nagwawakas sa parehong pagiging kabahagi ng uring manggagawa ang pagkakatulad ng Ginebra fans sa naunang tinalakay na movie fans. Memoryalisado rin sa mga kongkretong materyal na umuugat sa kanilang paghanga ang tropo ng hangaring pagtakas na ilang beses na naaalingawngaw sa mga nabuo nilang fan anthem na kakawing ng resulta ng bawat larong napanood. Sa magkaugnay na kantang “Pag Natatalo ang Ginebra” at “Pag Nananalo ang Ginebra” na parehong isinulat at inawit ni Gary Granada na aminadong fan ng koponan, nababanggit sa iisang koro ng parehong awitin ang sumusunod na linya:

Pagbigyan n’yo na ako

***Paminsan-minsan lang ito***

Gumaang ang nabibigatang puso

Pagbigyan n’yo na ako

***Kahit na kahit paano***

***Sumaya nang bahagya itong mundo*** [akin ang diin]

Kawangis ng sa “Movie Fan,” litaw na litaw ang kamalayan ng tagahanga na may limitasyon ang pagtakas na naorasan. Interessanteng sa isang bersiyon pa nga nitong napapamagatang “Nang Maging Champion ang Ginebra,” higit na naging tiyak ang imahen ng kolektibong humahangad ng katiting at saglit na kasiyahang nakatakda lamang danasin sa loob ng isang gabi.

Pagbigyan n’yo na ***kami***,

Anim na taon na rin kasi

***Sumaya man lang kahit isang gabi*** [akin ang diin]

Sinadya man o hindi, may repleksiyon sa orihinal na layunin ng PBA ang mensahe ng magkakaugnay na awitin. Sadyang inilunsad upang makapag-alok ng enterteynment sa mga pagod na manggagawang babad sa pabrika ng mga sponsor na produktong ginagamit bilang ngalan ng bawat koponan, nasa kaibuturan ng mismong larong pampalakasan ang pagiging minsanan at saglit nitong pagtakas (Antolihao 470). Bagaman napatitingkad ng simulaing ito ang paulit-ulit na

pag-ayon ng manggagawa sa gipit na posisyong pinapagod ngunit pinapasaya kalaunan, pinapasuweldo ngunit siya ring hinihimok na gumastos ng mga sangkot na kompanya (tulad ng kung papaanong aminado rin ang tagahangang persona sa huling kanta kung paano “ang inuman ay hanggang umaga. . . at nagkandasaid ang aming mga pitaka/ Nang maging champion ang Ginebra”), hindi makatwirang isantabi ang mga bahid ng kapangyarihang napaniningas ng fans sa paghanga at sa kulturang nakapaloob dito.

Una, sa kabila ng pamamayani ng kagustuhang makatakas, may espasyo pa ring nailalaan ang fans upang maiere ang pasundot-sundot na pamumunang politikal gaya noong ipakiusap ng persona sa kantang “Pag Natatalo ang Ginebra” na huwag nang ipokus sa iskrin ang mga dumadalong senador at congressman na posibleng nakikita bilang may pailalim na motibasyong kunin ang atensiyon, simpatya, at suporta ng nanonood na madla. Gayundin naman sa kantang “Pag Nananalang ang Ginebra,” naikumpara ng personang fan ang kasawiang nararamdaman sa tuwing makikitang natatambakan na ang iskor ang koponan at may kinakampihan pa ang referee sa isang “bansang nagkaleche-leche/ at nare-elect ang presidente” na tila ba nagpapahayag ng kawalan ng pag-asa pareho sa laro at sa estado ng bansa.

Subalit, hindi lang naman mga pahaging na kritisismong politikal ang nabibigyang-espasyo sa mga awitin maging sa kabuoang karanasan ng paghanga. Higit pa sa nabanggit na, may simbolikong bisa rin ang kagustuhang makitang magwagi ang sinusupportahang koponan sa puntong hindi simpleng kasiyahan ang nakukuha mula dito dahil nakapagdadawit din ng katuparan sa mga pag-aasam na umuugat sa masalimuot at mahabang politikal na kasaysayan ng bansa. Idinidiin ang interseksiyon ng lahi at uring parehong nasasadlak sa posisyon ng “underdog,” kakawing ng bawat pagkapanalo ng Ginebra ang “[pagiging] posible ng imposible,” ayon pa rin sa awitin, sapagkat sa natatanging pagkakataon ang masang lagi’t laging nasasadlak sa marhinalisasyon, kahirapan, at kawalan ng pag-unlad at ang siya namang tatanghaling kampeon (Antolihao 449).

Ang ganitong patikim na subersiyon sa naghaharing kaayusan na sabay na nagbibigay ng “ritual” at “possibility of defiance” (454) ang pagkilalang iniaalok din ni Bernard James Remollino sa kaniyang pagsusuri sa paghangang mayroon ang Filipino boxing fans noong kasagsagan ng *Pinoy Pugilists’ Movement* sa Estados Unidos sa pagitan ng mga taong 1920s hanggang 1930s (150). Nakipagsapalaran sa bansa ni Uncle Sam upang takasan ang “rural poverty at urban class inequality” sa Pilipinas (152), migranteng Pilipino ang mayoryang bumuo sa lakas paggawang madaling samantalahin na kinakailangan ng piling industriya at sektor upang mapatakbo ang nagsisimulang kapitalistikong ekonomiya ng Amerika (155). Gamit ang paghanga sa boksing bilang “marker of resistance” (178), naigigiit ng

mga migranteng Filipino sa bawat panonood ng laban ang awtonomiya bilang mga indibidwal na bagaman manggagawa ay may karapatan ding makibahagi sa libangan at kaginhawahang alok ng kulturang pang-isports (150). Kung babalikan ang pananaliksik ni Fuller-Seeley hinggil sa mga unang pagtatala sa gawi ng panonood ng manonood ng pelikula sa bansang Amerika, pinagtutuunan din nito ang kaso ng mga imigranteng mga imigranteng manggagawa sa kalungsuran na ginagamit ang panonood ng sine upang ipaglaban ang karapatan sa mas mahabang oras ng libangan at pahinga na kikilala sa kanilang dangal bilang mga trabahador (29). Bagaman hiwalay na ispektakulo ang boksing, nagamit din ito ng Pinoy fans sa kanilang negosasyong maangkin ang ipinagkait na akses sa kapangyarihan, espasyo, at dignidad sa banyagang bayan (Remollino 149).

Kung mayroon agad na alok ang akto ng panonood ng boksing, may mas malaking taya ang pagkapanalo ng mga boksingerong Pinoy na sinusuportahan ng kapwa Pilipino din nitong fans. Sa kabila ng pinairal noong malawakang pagkilala sa mga manggagawang Pilipino bilang pabaya, hindi disiplinado, at tatamad-tamad (Remollino 158), sa bawat pagkapanalo ay naisasantabi ang mga ito at napanghahari ang imahen ng Pilipinong may sapat na sigasig para magtagumpay (160). Kung makailang-ulit na binuo noon ang imahen ng Pilipinong nakabababa, masunurin, at pemenisado na isinusuma ng panawag na “little brown doll” (170), malawakang nalalansag ang pagkilalang ito sa tuwing mapapanalunan ng boksingerong Pinoy ang kampeonato na siyang kakatawan sa kagalang-galang na abilidad ng lahi na nakikitang mahigpit na kahingian para maimpluwensiyahan ang pamahalaang Amerikano na ideklara ang kalayaan ng bansang handang magsarili.

Hindi naman natatapos sa puro simbolikong pagsasaimahen ang paghanga. Bagaman pinagagana rito ang pansamantalang pagkamit sa hangaring panandaliang makaahon ang fan sa dikta ng magkakawing na uri at lahing kinabibilangan, sumusulong din naman ang bisa ng fandom sa kongkretong katuparan ng pag-angat lalo na para sa hinahangaang idolo na tulad ng nabanggit ay madalas ding nagmumula sa parehong hanay ng uring manggagawa. Higit itong matingkad para muli sa boksingerong Pinoy na namayani sa tinaguriang “Golden Age of Pinoy Boxing” (Remollino 150). Nasususpindi ang pagpabor ng lipunang Amerikano sa pawang mga puti at mayayaman, natatakasan ng boksingerong Pinoy ang kasadlakan ng pagtatrabaho habambuhay sa mga bukirin na natatanging alok ng Amerika para sa mga migranteng Pilipino noong mga panahong iyon (155). Maski na higit na delikado ang karera bilang boksingero (157), tiniyak nito ang mas mataas na kitang kakawing ng pagkakaroon ng mga boksingero ng nakaangat na estado bilang mamamayan ng US na ngayon ay may kakayahan nang magpakasasa sa lugod ng urban at konsumeristikong kultura ng Amerika (175). Sa ganitong lagay, naihabi sa kuwento ng tagumpay ng mga boksingerong ito ang aspirasyon



at enerhiya ng uring manggagawang Pinoy noon sa Amerika na nakatali pa rin ang buhay sa araw-araw na paggawa (162).

Kung babalikan naman ang industriya ng pelikula na may angking bansag din na “Second Golden Age” noong dekada sitenta hanggang otsenta, masasabing ang imahen ng kasaganaang natamasa ng mga boksingerong Pinoy sa Amerika ay katotohanan ding nalasap ng piling mga bituin. Sa labas ng pinilakang-tabing, naging sobrang matunog ang inialok na tagumpay ng industriya para kay Nora Aunor na siyang kumatawan sa pagkakatuldok sa palasak nang kalakaran ng lipunan na tumatangging bigyan ng pag-angat ang sinuman mula sa mababang-uri (Almario 141-42). Ang kuwentong ito ng pag-ahon at tagumpay ni Nora ang siya namang ginawang padron sa karakterisasyon ni Sharon sa kaniyang mga pelikula upang iayon sa panlasa ng masa ang isang pribilehiyadong artista na malayo ang karanasan mula sa kanila (Lim, “Sharon’s Noranian Turn” 327-28).

Mula rito, interesanteng isa sa matuturingang tumatak na tauhang ginampanan ni Sharon ang batang fan na si Dorina Pineda na umiidolo sa premyadong mang-aawit na si Lavinia Arguelles (Cherie Gil) sa pelikulang *Bituing Walang Ningning* na idinerehe ni Emmanuel Borlaza noong 1985. Kinakasangkapan ang mito ng pag-unlad na tila mabilisang naiaalok ng pagpasok sa showbiz gamit ang talento bilang puhunan, nasubaybayan ng mga manonood kung paanong ang buhay ni Dorina na nagsimula sa kaniyang pamumuhunan ng oras sa pagpitras, paggawa, at pagbebenta ng Sampaguita ay tumawid sa masuwerteng pagsikat bilang mang-aawit na ngayon ay kakikitaan na ng mga “esensiya ng luho” sa paggamit ng bulaklak at mga imahen nito bilang mga pinta, palamuti, at dekorasyon sa kaniyang paligid mula sa dati rati’y pagiging pangunahing obheto lamang ng paghahanapbuhay (C. Benitez 38-39).

Kung naging malaki ang ambag ng karakter ni Nico Escobar (Christopher de Leon) sa pagsikat ni Dorina sa kuwento— dahil layon din nitong puksain ang ningning ng kasintahang si Lavinia upang mahikayat itong makapagsimula na ng pamilya sa piling niya, ang kasikatan ng mga nagbakasakali sa showbiz sa totoong buhay sa labas ng pelikula ay nakasandig sa fans bilang aktibong manonood lalo pa’t sila ang ginagawang barometro ng mga prodyuser upang ilunsad ang mga proyekto para sa mga idolo (Orsal, *Movie Queen* 20). Sa kasaysayang pang-entertainment ng bansa, puwersang hindi mapipigil at papipigil ang fans. Makailang ulit nang nasagip at naiahon nitong parehong “hukbo ng mga tagahanga” (4) ang industriyang makailang ulit na ring nilunod ng krisis (Cruz 126). Mula sa paghina ng bisa ng studio system simula kalagitnaan ng 1960s, hanggang sa pamamayani ng bomba bilang dyanrang nagdikta sa kinasadlakang estado ng pamemelikula noong 1970s, fans at ang walang maliw nilang pagsuporta sa kanilang mga manok

ang nagpanatiling buhay sa pelikula (Orsal, *Movie Queen* 160). Matuturingan mang “mediocre” ang ilang inihahaing pelikula sa labas sa dyanra ng bomba noong 70s hanggang 80s– dahil na rin sa pagiging *teenybopper* ng mga ito, ang salitang pagganap ng magkaribal sa industriya na sina Nora at Vilma noon (na sinundan ng labanan sa kampo nina Sharon at Maricel, at iba pa sa mga sumunod na henerasyon) ang nagbalik ng pampinansyal na estabilidad sa mga produksiyong nangangapital sa pelikula na kalaunan ay nagresulta sa mas maraming trabaho para sa mga kultural na manggagawa sa larangan (Orsal, “Vilma Reads Her Fans” 54).

### **Back to Class: Panlipunang-Uri bilang Hindi Matatakasang Katotohanan sa Paghanga**

Mula sa mga patotoo na nagsasabing kayang buhayin at iangat ng pagkonsumong isinasagawa ng fans ang estado ng idolo pati na rin ang industriyang kinabibilangan nito, lumalabas ang halaga ng pagkakaroon ng akses sa pananalapi sa kabuoang proseso ng pakikibahagi sa fandom. Kung gayon, mahalagang usisain sa diskursong nililikha ng penomenon ang hinggil sa ekonomikong kapital at panlipunang herarkiyang umiiral sa komu-komunidad ng mga tagahanga lalo pa’t natutumbok ni Nestor De Guzman na “[A]ng pagiging. . . fan ay pribilehiyo ng isang taong may panahon at kakayahan” (x). Lalo namang napatitingkad ang kaugnayan ng ekonomikong estado sa paghanga sa pananaliksik ni Que na nakapokus sa K-pop fans sa pagsasabing sa gitna hanggang mataas na gitnang-uri nagmumula ang karamihan sa mga ito lalo pa’t sila-sila ang may kakayahang bumili ng materyal at karanasang nagpapahintulot ng mas malalimang pagbabad sa fandom (56).

Madaling mabuo ang naturang danas ng malalimang pagbabad sa fandom sa pakikisangkot sa mga aktibidad na hindi birong pagkakagastusan. Sa konteksto muli ng K-pop fandom, palaging nababanggit ang pagbili ng album, pangongolekta ng merchandise, pati na rin ang pagtungo sa South Korea upang pisikal na mapanood sa isang aktuwal na konsiyerto ang idolo para lang matugunan ang di-mapawipawing kagustuhan na mapalapit dito (Atanacio-Blas at Erastain 743; M. Benitez 43). Sa mas maagang naitalang pakikilahok ng mga Filipino fan sa transnasyonal na anyong pangmidyang Asyano na kinakatawan ng pagkahumaling sa palabas na *Meteor Garden* mula sa bansang Taiwan at sa mga bida nitong binabansagang F4, literal na pinahihintulutan ang pagkakalapit sa idolo ng kapasidad tungo sa maramihang pagkonsumo. Sa pagbabahagi ng isang fan na nakapanayam ni de Guzman, naging daan ang kaniyang pagbili ng tatlung CD sa isang autograph signing event ng miyembrong si Ken Chu ng pagtatangkang lumikha ng isahan at malalimang interaksyon sa idolo. Gayong tila kakawing ng nabiling CD ang oras ng idolong inaasahang pirmahan ang bawat isa sa mga ito, sa tagpong yaon nabuksan ng fan ang matagal at malapitang pakikipag-usap sa hinahangaan (163).

Mula sa piling halimbawa, nasasapol ni Maria Alessandra Benitez ang katotohanang “hadlang ang kinabibilangang panlipunang uri ng isang fan sa pagkamit ng kasiyahang posible sanang magmula sa karaniwang paraan ng pagkonsumo sa fandom” (“[S]ocio- economic gaps usually excluded fans from enjoying [the object of fandom] through typical means of consumption”; sariling salin 43). Subalit, hindi lang hadlang ang limitadong kapasidad ng sinumang fan na kumonsumo sa pakikitungo nito sa iniidolo maging sa mga produktong ikinakawing dito bilang impluwensiyal na bahagi ng anumang industriya. Para kay Samuel Cabbuag, posible pang banatin ang pahayag ni M. Benitez sa pagsasabing upang makumpleto ang danas bilang miyembro ng fandom, hindi lang dapat nagtatapos sa solitaryong pakikipag-ugnayan ang fan sa idolo, kundi, kinakailangan din nitong makalikha ng interaksyon sa kapwa tagahanga na siyang nagiging posible sa mga aktibidad na muli’t muling hihimok ng paggastos (21).

Bilang halimbawa, sa *ALDub Nation* na siyang sentro ng pananaliksik ni Cabbuag, napatutunayan niyang pangunahing kahingian sa partisipasyon ang pagkonsumo sa pamamagitan ng pagkilala sa ilan sa mga inilulunsad na fan meet o pagkikita-kita fans na may entrance fee na malimit hindi pasok sa badyet ng isang ordinaryong fan (20). Kung tinatayang nasa 850 piso ang kailangang paghandaan para makadalo sa ispesipikong pagniniig na tinawag ng komunidad na *ADN Homecoming*, may pagkakataong umabot naman sa 1,500 piso ang kailangang ihanda para makibahagi sa isa pang pormal na event na pinangalanan namang *Timeless* na isinagawa sa isang magarang hotel na nangangahulugang dagdag ding pagkakagastusan ang itinakdang formal wear na long gown at coat and tie para sa mga dadalo (Cabbuag 17-18).

Ayon kay Cabbuag, maski pinipilit ng samahan na maging inklusibo ang gawain para sa kapwa fans na walang sapat na kakayahan sa pamamagitan ng patak-patak na donasyong makakapag-isponsor sa mga ito (18), pawang dagdag na gastusin ang piliting makiisa sa kapwa tagahanga lalo na’t sabay ding pinatutunayan ang awtentisidad ng paghanga sa pagkonsumo ng mga produktong ipinapatalastas ng tambalang Maine Mendoza at Alden Richards na tumatawid mula fast food, feminine wash, cured pork meat hanggang sa higit na mahal na mobile phone at kotse (14-15). Sa pagpapalawig pang lalo ng halimbawa, maaari ding balingan ng pansin ang karanasan ng mga Noranian. Bagaman, naging aktibo ilang dekada bago makilala ng sambayanang Pilipino ang *ALDub*, malaki ang pagkakatulad ng naunang naestablisang fandom sa antas ng inaasahang konsumsiyong kinaharap at sinuong ng mas bago.

Kagaya ng sa *ALDub*, mayroon ding mga pagkikita-kita ang mga Noranian noon. Isa sa mga pinaaktibong nagpaplano at naghahanda nito ang fan club na GANAP

(Grand Alliance for Nora Aunor, Philippines) na sa isang pagkakataon ay gumastos ng tumatagiting na 140,000 piso sa pagdaraos ng kanilang anibersaryo. Bagaman maaaring sabihin na posible itong nasustentuhan ng malaking bilang ng miyembrong nag-alok ng maliit na halaga ng donasyon bawat isa– lalo pa’t isa ang GANAP sa tatlong pinakamalalaking samahan ng Noranian sa bansa– isa sa pinuno ng grupo ang aminadong abandonado ng 10,000 piso o higit pa sa naging pagsasagawa nito (Polistico 167).

Sa kabila ng pagiging komyunal ng fandom, napatitingkad ng kalakarang nabanggit ang nakapailalim ditong panlipunang herarkiya na ayon kay Geraghty ay mahigpit na naiimpluwensiyahan ng kinabibilangang sosyo-ekonomikong antas ng isang fan (213). Isinasaad kung gayon na ang pag-angat halimbawa ni Polistico at ng iba pang hindi napapangalanang ALDub fan organizer sa pananaliksik ni Cabbuag bilang “BFN” o “Big Fan Name” na iniaalok ng kanilang katungkulan bilang bahagi ng pamunuan ng malakihang fan club ay hindi lamang nakabatay sa lawak ng impormasyong batid nila hinggil sa hinahangaan kundi mas nakasalalay sa nibel ng competitiveness na kayang ipamalas upang maangkin ang titulong “worthy fan” (Geraghty 214).

Madaling naiaangat ang mga piling pangalan sa fandom dahil hindi lahat ay may kakayahan at kahandaan na sumalo sa gastusin upang matagumpay na maisagawa ang isang pagdiriwang tulad ng naging kaso ng mga fan na pinagtuunan ng pansin. Gayong higit na marami ang ginigipit ng makinaryang humihikayat sa kabi-kabilaang pagkonsumo– mula halimbawa sa lingguhang pagpapalabas ng pelikula ni Nora, kaliwa’t kanang presensiya sa komiks at magasin na inilalako sa mga tindahan, hanggang sa samo’t saring produkto na ineendorso– maraming fans ang nasasaid na ang perang mayroon sa antas pa lamang ng personal na konsumpsiyon. Tingnan halimbawa ang kaso ni Armando “Mandy” Diaz Jr. ayon sa kaniyang personal na salaysaying kabahagi ng koleksiyon ng mga kuwento ng Noranian:

Lahat ng produktong inendorso ni Ate Guy, sinuportahan ko. Kahit napkin. Paano? Ako ang runner sa bahay dahil ako ang bunsong lalaki. Ako ang pinabibili sa tindahan. Kapag nagpapabili ng napkin ang mga kapatid kong babae, Modess ang binibili ko. . . Gatas namin dati Alaska. Nang kinomersiyal ni Ate Guy ang Liberty, lumipat kami sa Liberty. . . Bumili rin kami ng Philips radio. Hanggang ngayon Dial ang sabon namin sa bahay. Nang inendorso ni Ate Guy ang Coke, uminom ako nang uminom ng Coke. Nang mag-Pepsi siya. . . uminom naman ako nang uminom ng Pepsi. Hindi lang ako nakapagbangko nang maging endorser si Ate Guy ng Security Bank. Wala kasi akong ipon. Lahat ng pera ko, inuubos ko kay Nora. (77-78)

Interesante ang huling bahagi ng siping hiram mula sa kuwento ni Diaz dahil bukod sa matutunugan ito ng panghihinayang dahil hindi lubusang nasuportahan ang isang produktong iniindorso ng idolo, direkta ring nagkakaroon ng pag-amin sa kalakarang ubusang-pera ang paghanga kay Nora. Kung lumalabas na sumasapat kahit papaano ang pera ni Diaz upang masustentuhan ang hilig ng pagbili ng mga bagay na may kinalaman sa idolo, sa mga naitalang pagkilala sa mga Noranian laging naidiin ang kakaibang bisa ng “sacrificial consumption” (Lim, “Fandom, Consumption, and Collectivity in the Philippine New Cinema” 188) o ang normalidad para sa tagahanga na bagtasin ang anumang krisis (kasama yaong sa aspektong pampinansiyal) upang maipagmalaki ang estado bilang isang tagahanga (Flores, “The Dissemination of Nora Aunor” 79).

Sa isang sangguniang nagtatala rin ng kuwento ni Diaz bilang isang dakilang Noranian, nababanggit ang isang partikular na halimbawa ng niyayakap niyang pagtitiis. Ani niya, “[I]bibili ko na lang ng bigas, ipapanood ko pa sa sine” (Flores, “Fall of Grace” 62-63) na interesanteng kongkretong uri din ng pagsasakripisyong makikita sa isang eksena ng *Bituing Walang Ningning* kung saan nabanggit ng fan na si Dorina (Sharon Cuneta) na may ibang uri ng kabusugang alok ang anim na pisong magasin na kinatatampukan ng idolo na maaaring ulit-ulitin ang basa kaysa sa dalawang pisong dalanghita na mainam na panawid-gutom. Kung malabis ang halimbawang ibinigay para itampok ang pag-aangkop na isinasagawa ng fans upang maipasok sa pagkakagastusan ang paghanga, may ilang halimbawa ring mailalaan upang maipakita kung paano rin inihuhulma ang akto ng panonood makonsumo lang ang ispektakulo ng idolo. Isang halimbawa para dito ang maparaang pag-upo ng isang fan sa dingding malapit ang pinagtatanghalan ng idolo gayong sasapat ang katiting na pagkakarinig sa tinig nito kaysa tuluyang sukuan ang hindi pagkakapanood dahil walang sapat na pera (Pascual, “Devotion II” 384).

Sa kabilang banda, may mga pagkakataong ang kasidhian ng layong makapag-aangkop para lang makonsumo ang imahen ng hinahangaan ay nauuwi sa pang-aagrabyado sa iba. Kung matuturingang natatanging karangalan sa hanay ng mga Noranian ang pagsasakripisyo ng sariling pangangailangan at kagustuhan para mabigyang-suporta ang idolo, kaiba naman ang atake ng isang FPJ fan sa paraan nito ng pag-aangkop.

Mula’t sapul talaga– tagahanga ako. . . . Halos grade 4 pa lang ako, talagang kung walang pampanood ng sine, talagang nagnanakaw ako ng itlog sa pugaran ng mga magulang ko, eh, makapanood lang ako ng pelikula niya sa Alabat. . . . Kapag nawala na ang itlog doon sa pugaran ng lola ko, ako na ang kumuha noon. . . . Ipinagbibili ko yon– d’yes sentimos ang isa. (Deza, “Discussing FPJ” 93)

Kung nakasandig sa gawa-gawang negosyo at impormal na ekonomiya ang pag-aangkop na malimit gawin ng nabalingang fan, may mekanismo namang sinasandigan ang ilang fandom upang epektibong maibahagi ang kaalaman sa kapwa fan upang hindi na nito kailanganing sumuong sa dagdag na paggastos maisagawa lang ang aktibidad na pinagkakainteresang gawin. Sa Otome halimbawa, na isang romance role playing game na umuugat sa *shoujo* o *girls' culture* ng bansang Hapon ngunit kinabibilangan na rin ngayon ng mga Pilipinong manlalaro (Ganzon 348), pangkaraniwan ang pagkakaroon ng fan bloggers na nagbibigay ng detalyadong gabay sa kapwa manlalaro (Ganzon 354). Sa pamamagitan ng mga payong nilalaman ng kanilang mga blog, natutulungan ang mga baguhan sa fandom na magkaroon ng nakasisiyang wakas na hindi kinakailangang gumastos para sa mga *in-game purchases* na hinihikayat ng laro (Ganzon 355). Ayon sa isang Filipino Otome Fan Blogger na si Zenri na kinapanayam ni Ganzon, “sadyang mahirap para sa ilang baguhan na maglaro sa unang pagkakataon at makakuha ng paborableng wakas lalo pa’t karamihan sa mga ito ay nangangailangan hindi lamang ng pera kundi pati na rin ng oras. Nais isipin ni Zenri na ang paggabay na ibinibigay niya bilang matagal nang fan ay nakatutulong para hindi mapilitang gumastos sa otome games ang mga gipit sa perang manlalaro” (“[I]t’s really hard for some people to play these games on their own the first time and get a good ending, especially since most games these days require people to buy with real money and is very time consuming. So, I’d like to think that our. . . walkthrough guide. . . helps save money for those that cannot afford to spend money on otome games”; sariling salin; 355).

Interesante na mula sa masasaksihang pag-aangkop sa personal na nibel ng isang fan na handang magsakripisyo patungo sa pag-aangkop din sa komyunal na antas sa pagbubukas ng mga panibagong tungkulin sa komunidad (halimbawa, bilang isang fan blogger), sabay na ring umaayon sa kasalukuyan ang ilang mga plataporma at industriyang pinagdadaluyan ng midya upang mas maging aksisable ang mga nilalaman nito sa ordinaryong tagahanga. Halimbawa, bilang bahagi ng kulturang pang-fandom ang pagsusulat at pagbabasa ng fan fiction, ipinaliliwanag ni K. Santos ang kaniyang obserbasyon kung papaano nagiging sityo ng malikhaing pag-aangkop ng fandom ang mga higit na accessible na plataporma. Sinabi ni Santos na:

Habang madaling nauunawaan ng ilan kung gaano kaaksisable ang iba’t ibang anyo ng social media, sa pagbabad ko sa mga komunidad ng tagahanga may ekonomikong kasalatan, napagtanto kong may mga partikular na platapormang sentral sa fan fiction dahil kumokonsumo ito ng higit na mababang bandwidth (halimbawa na ang Wattpad) o kaya naman ay nakapag-aalok ng promo ang mobile service provider

na gamit (tulad ng unlimited access sa Facebook, Twitter at TikTok sa loob ng ilang araw). Ang limitadong akses na ito ang nagpapahintulot sa ilang manlilikhang fan na lumikha sang-ayon sa kanilang ekonomiko at teknolohikong limitasyon. Naalala ko kung paano ginamit ang TikTok ng ilang fans mula sa Timog Silangang Asya upang saliwang ang edited fan clips ng mga viral na tugtugin sa kanilang lugar na nagresulta sa mga transnasyonal na fan fiction. . . . Mayroon ding mga Social Media AU na nakapaskil sa Twitter na naging popular noong pandemya sa mga fandom ng Asyanong artista (K-pop at Thai BL) na nakapaglokalisa ng mga paghaharayang tampok sa mga fan fiction.”

While some of us easily imagine how different social media platforms are easily accessible to everyone, my exposure to fan communities faced with economic challenges have made me realize that particular platforms become increasingly central to fan fictions or communities because of low bandwidth consumption (such as Wattpad) or promotions with mobile service providers (e.g., unlimited access to Facebook, Twitter, and TikTok is free for a particular amount of days under specific providers). This limited access enabled many fan creators to work within their economic and technological limits. TikTok reminds me of how the platform has been used by some Southeast Asian fans to merge local viral audio with edited fan clips creating interesting transnational fan fictions... There are also Social Media AUs seen on Twitter that was particularly popular during the pandemic within Asian fandoms (K-Pop and ThaiBL) that increasingly localized fan fictions and imaginations. (Geraghty et al. 7)

Subalit, madalas kaysa hindi, ang mga ganitong uri ng paghahawan ng landas upang mas maging inklusibo ang paghanga ay nauwi muli sa pangmamata. Sa kaso halimbawa ng fan fiction at sa prosesong kakawing ng sirkulasyon nito sa loob ng komunidad, hindi na bago lalo na para sa isang lubog sa gawi ng fandom na makitang may mas mataas pagpapahalagang ibinibigay sa fan fiction site na Archive of Our Own (AO3) kaysa sa higit na accessible na Wattpad sapagkat pinaniniwalaang pinaglalagakan ng mga naratibong de-kalidad ang una kumpara sa mga uri ng materyal na mababasa sa ikalawa (@anexactscience; @PA3RL11). Ganito rin naman ang pagkakahating umiiral sa pagitan ng Facebook at Twitter Stans. Maski nabibilang sa iisang fandom, madalas pa rin ang pag-iirangan ng dalawang kampo na laging pinagtatalunan ang mas tamang paraan ng paghanga tulad ng paano dapat bumuo ng paskil na ibabahagi sa kapwa fan (@iKONDaddae) at paano dapat ipresenta ang sarili sa tagalabas ng fandom at karaniwang hindi tagahanga na laging nakamasid (@yoonkookerist).

Ibang anggulo naman ang idinadagdag ng pananaliksik ni Que hinggil sa implikasyon ng pinalawak na akses sa mga idolong maaaring hangaan. Nakasentro sa mga dahilan kung bakit humihina hanggang sa tuluyang nawawala ang paghanga ng isang fan na pinipiling kumalas mula sa fandom, isang salik na napagtuunan ng pansin ang dumaming paraan kung paano maaaring mapasakamay ang mga dati-rating piling merchandise na kailangan pang pagsumikapan para lang maangkin. Kakawing ng gradwal na pagsulong hanggang sa pumutok ang K-pop sa mainstream media, ayon kay Que, nakaramdam ang fans na malaking bahagi ng kanilang kulturang pang-fandom, partikular na ang pangongolekta ng mga pisikal na obheto tulad ng CD, t-shirt, at sombrero, ay nakatiwangwang na para salihan din ng mga kaswal na tagapakinig na hindi lubusang nauunawaan ang simbolikong kahulugan at kahalagahan ng mga ito para sa isang tunay na fan na gaya nila. Dahil naglipana ang mga ilegal na kopya at murang bersiyon ng mga produktong ito, may ilang K-pop fans din ang nabahala na maihanay ang mga orihinal na produktong kanilang pagmamay-ari (at sila rin mismo) sa mga produktong madaling makita sa mga lokal na tiangge, palengke at tindahan na sinusunggaban ng mga indibidwal na kabahagi ng mas mababang uri (Que 56-57).

Bagaman madalang maitampok bilang sentro ang usapin at implikasyon ng panlipunang-uri sa mga pananaliksik sa larang ng Fan Studies, ang hibla ng artikulyong patungkol sa mga nangyayaring paghihiwalay o pagbabakod sa mismong hanay ng mga tagahanga ay mababakas na sa pag-aaral ni Jensen na isa sa pinakamaagang seminal na sangguniang pinanghahawakan ng larangan. Ayon sa pagsusuma ng Grinnell College, natutumbok ng maagang pag-aaral ni Jensen ang “role of class and elitism in fan and participatory culture” (Subcultures and Sociology Department). Dahil madaling dumulas ang taguring “fan” sa pinagmulan nitong salita na “fanatic” na nakakawing sa mga imahen ng labis na kabaliwan, unang balakid na kailangan harapin ng fandom ang likas na pag-iwas ng mga hindi tagahanga na binubulag ng paniniwalang “disreputable, even dangerous ‘others’” ang fans (Subcultures and Sociology Department). Subalit, ang ganitong “us vs. them” na mentalidad na karaniwang relasyong mayroon ang fans at mainstream society ay tumatagos din sa kung papaano kinikilala ng fans sa loob ng fandom ang kapwa fans na kakikitaan ng hindi katanggap-tanggap na pagkilos at pag-uugali na idinidikta ng mga inaasahan sa kinabibilangang uri.

Halimbawa, dahil malimit masaksihan kung papaano pinanggagalingan ang Barangay Ginebra Fandom ng kaliwa’t kanang berbal at pisikal na sagupaan sa tuwing may laban ang hinahangaang koponan (Lasco 42), tinatanaw na ang pag-uugaling lumilikha ng destruktibong kaguluhan ay kadalasang nagmumula mismo sa fandom na mayoryang binubuo ng mula sa mabababang-uri na parokyano din ng gin na siyang nakapangalan sa koponan (Antolihao 459). Hindi rin nalalayo ang



imahen ng gulong naitala sa paglalarawan ng movie fans sa ilang pag-aaral. Kung pilit na inihihwalay ng Noraniang si Tugade ang sarili sa kapwa fans na “wild ang dating [para] sa kaniya [dahil] kung makatili [ay] parang mapapatid ang litid sa leeg” (215), sa panayam naman ni Deza sa isang tagapangasiwa ng karera ni FPJ noon, naibahagi ang isang klasikong kuwento kung papaano nagkagulo sa isang sinehan sa Quiapo dahil aktuwal na binaril ng isang tagahanga ang iskrin para maipagtanggol ang sumulpot na kalaban sa likod ng karakter ng idolo (128). Ang kakaibang tugon ng FPJ fan sa pinapanood ay maipapaliwanag ng isang makauring pagsusuri nina Gregory Stone at Roman Oldenberg na nagsasabing sa kultura ng wrestling, higit na madaling mapapaniwala ang fans mula sa nakabababang-uri sa scripted na pagtatanghal at espektakulong alok ng isports. Sila ang pangkat na talagang paniwalang-paniwala sa binaristikong pagganap ng bida-kontrabida kung kaya’t nakikitang talagang mabuti ang pagturing sa isa habang masama naman ang pagkilala sa isa pa (Ford 175).

Bukod sa mga mukha ng kabaliwang nakapaloob sa fandom– mula sa mga napakapisikal na reaksiyon ng paghanga hanggang sa mga napakadelikadong pagkilos na ibinubunga nito, naniniwala din si Jensen na isa pang salik na nakaapekto sa mabuway nitong pagkakaisa ang nakikitang pagkiling ng ilan sa pagpapagana ng emosyon kaysa katwiran na nakikita rin bilang binaryo (Subcultures and Sociology Department). Sa pagsulong halimbawa patungo sa online fandom sa kasalukuyan, mamamalas ang kasidhian ng emosyon sa mga talakan at sagutang laganap sa social media. Tinatawag ni Richard Bolisay bilang “impulsive animosity” (55), nagkakaroon ng basta-bastang pagbabato ng mababangis na pahayag ang fans laban sa mga nambabatikos sa idolo nang hindi lubusang napagninilayan kung makatwiran ba itong tuntungan ng mas malalalim pa sanang diskurso.

Kung ang kakulangan ng rason dahil sa pamamayani ng emosyon ang mabilis na nakalalamat sa imahen ng ibang fandom tulad ng mga kinilalang fans ni Nora, FPJ, at JaDine, ang huli bilang siyang pokus ng pagsusuri ni Bolisay, agad namang natatakasan ng isang partikular na pangkat ng fans ang pananaw na ito. Dahil kagyat na mababakasan ng kapangyarihang mahigpit na nakaugnay sa kaalamang siyentipiko ang pinagtatampulan ng paghanga ng komunidad na binabansagan bilang ‘geek’ (Mueller 29), madaling naitatahi sa kanilang pagkonsumo at pakikibahagi sa fandom ang paggana ng intelekt. Subalit, aminado ang mga pag-aaral na nakasentro sa geek culture na hindi lang katwiran ang bentahe ng pangkat. Ayon kina Gatson at Reid, nasa katauhan din ng geek ang “ilang bakas ng pribilehiyong makauri na karaniwang napatitingkad ng akses sa edukasyon, partikular na sa mga larangang siyentipiko at teknikal” (“certain kinds of class privilege, often displayed by access to higher education, particularly in scientific and technical fields”; sariling salin; par. 4.1).

Sa pagtawid ng naturang kultura at mga nakapailalim ditong posisyonalidad sa bansang pinuputakti ng kahirapang nagsasanga sa mabibigat na suliranin sa larangan ng edukasyon, lalong naiaangat ng Filipino geeks ang kanilang katauhan bilang mga tagahanga na mas inuugnay ang sarili sa mga banyagang fan club ng kinokonsumong sci-fi at fantasy (M. Santos 56) kaysa sa mga fan club ng lokal na artista, teksto, pelikula, at telebisyon na mas madaling maproseso ang nilalaman at mas sinusubaybayan ng mga tagahangang mula sa uring manggagawa o kabahagi ng marhinalisadong komunidad (Yusiang 134). Kaya naman kaiba sa kung papaano nababahiran ng negatibong paglalarawan ang bansag sa konteksto ng kanluran bilang panawag na 'geek' ang tanda ng mga kahinaang maaaring magsapin-sapin lalo na sa isang heteroseksuwal na lalaki (Stanfill), para sa mga Filipino Geeks na kabahagi ng New Worlds Alliance na naging pokus ng pag-aaral ni M. Santos, marapat na yakapin at ipagdiwang ang ngalang ito dahil sa kakawing nitong ekonomiko at kultural na kapital na nagpapahintulot na kumonsumo ng mga obhetong kung hindi kailangan gastusan nang sobra dahil angkat ay mahahanap lamang sa mga espesiyalisadong tindahan sa Metro Manila (M. Santos 58).

Kahanay ng metropolitang katangian ng New Worlds Alliance fandom, nakasentro rin sa Manila ang profiling na naisagawa ni Ramos para naman sa praktis ng cosplay na siyang bahagi ng anime at manga fandom ng bansang Hapon. Bagaman isinusulong ni Ramos ang kinalabasan ng kaniyang sarbey at pakikipanayam sa kongklusyong maling ipagpalagay na para lamang sa mga indibidwal mula sa mataas na sosyo-ekonomikong estado ang cosplay dahil sa hindi maiiwasang paggastos (154) – una para mabasa o mapanood ang kuwentong may limitadong distribusyon at ikalawa para maitanghal sa isang makatotohanang paraan ang pipiliing karakter– na kaakibat ng praktis, mapapansing nakakiling pa rin sa layaw ng gitnang-uri ang iba pang datos na kaniyang ibinahagi. Sa paglilista ng mga organisasyong nagtataguyod ng lokal na paghanga sa isang aspekto ng kulturang Hapon, kapansin-pansing pulos mga paaralang nag-aalok ng serbisyo sa gitnang-uri ang naitalang nakikibahagi sa gawain tulad na lamang ng Anime Manga Enthusiasts at Soma Soshiki sa Unibersidad ng Pilipinas, Tomasinotaku sa Unibersidad ng Santo Tomas, Oni-Bear Clan sa Unibersidad ng Silangan, at Genshiken sa La Salle University (Ramos 147-48). Dagdag dito, iniiuwi rin ni Ramos ang pagpapalagay sa katotohanang marami-rami sa kaniyang nakapanayam ang nagpakita ng pagiging mapamaraan kung papaano isasagawa ang interpretasyon sa kasuotan at props ng napiling karakter (153). Bahagi nito ang pag-amin na para mabili ang kakailanganing materyal, handa nilang isakripisyo ang mga bagay na matagal nang gustong bilhin tulad bagong cellphone o kaya naman laptop na hayagang luho na maaaring ipagpaliban (154).

Bukod sa presyo ng obhetong kayang bilhin (o hindi bilhin) para masustentuhan ang paghanga– halimbawa isang graphic novel sa *Sandman* series ni Neil Gaiman na nagkakahalagang 800-1,000 piso (M. Santos 58) o kaya naman isang buong set ng costume na maaaring tumabo ng 2,000-10,000 piso (Ramos 152)– isa pang panandang nagsisiwalat sa makauring herarkiya sa mga fandom ang kakayahang gumamit ng wikang Ingles. Maski na hindi talaga matuturingan bilang aktuwal na bahagi ng mataas na uri ng sining ang mga obhetong hinahangaan, ang pagiging superyor ng wikang Ingles ang kumukumot sa fandom upang magkunwang nakaaangat sa iba (M. Santos 59).

Wika ang pangunahing kinakasangkapan ng mga piling fandom upang mailugar ang sarili sa itaas ng herarkiya at lumikha ng distinsiyon hiwalay sa fans na nakikitang humahanga sa ipinagpapalagay na “mas mababang anyong pangmidya” dahil lang nasa bernakular itong wika. Halimbawa, isang palasak na patama noon laban sa mga humahanga kay Nora ang hindi pagsasalita sa Ingles ng aktres kumpara sa iba nitong kakontemporanyo na “Ingles nang Ingles sa mga TV interviews” (Perez 163). Tila pamantayang inaasahan sa mga idolo ang pagsasalita ng dominanteng banyagang wika sapagkat lumilitaw rin ang pagpapahalagang ito sa pelikulang *Bituing Walang Ningning* kung saan naging bahagi ng paghubog kay Dorina bilang papausbong na mang-aawit ang pagsailalim niya sa mga one on one training na naglalayong turuan siya ng tamang pagsasalita at paggamit ng naturang wika (Lim, “Sharon’s Noranian Turn” 343).

Lampas sa pagkakaroon ng iba’t ibang fandom na kumakatawan sa iba’t iba ring idolong hinahangaan, matingkad na nagkakaroon din na paksiyon at pagkakahati-hati na nakabatay sa pribilehiyong mayroon ang bawat miyembro nitong tagahanga. Sa katunayan, para kay Lincoln Geraghty, hindi nililimot at isinasantabi ng isang fan ang panlipunan at pang-ekonomikong uring kinabibilangan sapagkat paulit-ulit itong itinatambad lalo na tuwing nagkakaroon ng pagpili kung anong dekalidad na obheto ang pasok sa panlasa na siyang pahahalagahan at ano naman ang pupunahin at hindi papansinin (214). Lalo itong naididiin ni Geraghty sa pagsipi kay Duffet na nagsasabing “Ginagamit ng fans ang personal na panlasa upang mariing iuri ang kanilang mga sarili bilang mga indibidwal” (“[T]aste is therefore a means [fans] use to competitively classify [themselves] as social beings”; sariling salin 214). Halimbawang naididiin ang ganitong tunguhing pang-fandom na mag-uri at magkategorya sa isang panayam na isinagawa ni Yusiang kasama ang mga Filipino Sherlock fan na sangkot sa paglikha ng fan art para sa komunidad. Batay sa dahilan kung bakit sinasarili at hindi basta-basta ibinabahagi sa mga kaibigan ang paghanga sa serye ng BBC na *Sherlock*, nababanggit ng isang kinapanayam ang sumusunod na pagpapalagay:

Madali kong mairerekomenda kahit kanino ang *Walking Dead* pero hindi ko maimumungkahi ang *Sherlock* sa pinakamatalik kong kaibigan kasi alam ko na hindi niya ito magugustuhan. Para sa akin ha, una, hindi nila maiintindihan ang punto. Kakailanganin nila ng subtitle dahil ang bilis niyang magsalita. ‘Yun pa lang, nakakasira na agad ng karanasan sa panonood. Kung mauunawaan mo ang punto maski na ang bilis-bilis niyang magsalita, masasabi mong “Grabe napakagalang niya!” sa halip na “Ano daw? Ano daw?”

Medyo mapili kami sa fandom kasi mahal na mahal namin ang *Sherlock*. Sa punto na kung may mabibigo... aabot ka na kukuwestiyonin mo talaga ‘yung panlasa mo pagdating sa kaibigan (tumawa).

I can easily recommend *Walking Dead* to anyone. [But] I won't recommend *Sherlock* to my best friend. Because I know she won't appreciate it. For me *ha*, for one, they can't understand the accent. They literally need subtitles because he talks so fast. *Yun pa lang*, it ruins the experience. If you can get the accent and how fast he talks, you'd be “Oh my god he's such a genius” as opposed to, “*Ano daw? Ano daw?*”

. . . we are a bit protective of this particular fandom because we love it so much. And that if anyone is disappointed. . . . It makes you question your taste. It makes you question your taste in friends (laughs). (Yusiang 135)

Sa kabila ng kapalasakan ng paghihiwa-hiwalay na nakabatay sa panlasang nakapaggigiit sa kinabibilangang panlipunang-uri, lumilitaw ang kasalimuotan ng fandom sa mga indibidwal na hindi nag-aatubiling kumawala sa inaasahang makauring klasipikasyon. Kaakibat ng realidad ng panlipunang-uri na lumilikha ng lamat sa inaasahang nagkakaisang fandom, realidad din ang pag-iral ng mga fans na nalalampasan ang mga pagkakahon upang pagtagpuin ang mga paksiyong mayroon sa komunidad. Bagaman inaasahan na pawang kabahagi ng maralitang tagalungsod ang nahahamig ng bituing si Nora sapagkat kumakatawan ang simulain at karera nito sa kanilang kolektibong aspirasyon ng pag-angat sa buhay, unti-unting lumawak ang hanay ng mga Noranian nang sumanib din ang gitnang-uring tagahanga na ispesipikong kinakatawan ng mga doktor, negosyante, politiko, akawntant, empleyado sa bangko, guro, nars, at iba pa (Zafra 51) na pinaniniwalaang nakumbinsi ng masining na pagganap ng aktres lalo na sa mga pelikula nitong nakatutok sa mga panlipunang realidad ng panahon.

Bukod sa pagtatala ni Zafra, may hiwa-hiwalay ding naratibo sina Lim, Brocka, at De Guzman tungkol sa pagbubuklod na nasaksihan sa Noranian fandom na mas kumilala sa kaligiran ng mga hindi inaasahang maging fan. Kung indibidwal

ang tampok sa mga salaysayin nina Lim at Brocka– isang misis na aminadong patagong sinasabayan ang kasambahay sa panonood at pakikinig ng mga proyekto ni Nora mula kay Lim (347) at isang kakilalang prodyuser ng pelikula na mula sa mayamang pamilya at nakapagtapos sa isang paaralan sa Espanya mula kay Brocka (Sotto 235)– ang ICON o *International Circle of Noranians* naman ang fan club na pinagtuunan ng pansin ni De Guzman na ayon sa kaniya ay mailalarawan bilang ““sosi,” computer literate at propesyonal” na nasa iba lang na “setting–nasa New York, Chicago o London [at] kumikita na ng dolyar pero sila pa rin ang mga tagahangang karangalang makapaglingkod kay Nora sa anumang paraan . . .” (xi). Ang ganitong masalimuot na komposisyong mahirap ikahon sa tiyak at isahang panlipunang-uri ay katangiang namana na rin ng mga lokal na fandom na aktibo sa kasalukuyan. Sa pagkilala halimbawa sa fans ng tambalang JaDine, nauwi din si Barcelona sa pagsasabing:

Sa fandom ng JaDine. . . may nakasalamuha tayong mga fan na pawang propesyunal. . . na sa kabila ng kanilang estado o pinag-aralan, hindi nangingiming makipagsiksikan, sumigaw, tumili, at kiligin sa tuwing labas at magtatanghal sa entablado o magkakaroon ng bagong album, guesting, pelikula, at collaboration sina Nadine at James. (88)

### **Diskarte’t Talino sa Paghanga: Ang Muli’t Muling Pagtatangkang Bumalikwas sa Hadlang na Dulot ng Naghaharing Kaayusan**

Hindi natatapos sa hindi inaasahang pagbubuklod ng kolektibong madalas napaghihiwalay ng panlipunang-uri ang nangyayari sa fandom. Karaniwan din itong nakapagtataguyod ng panloob na impraestrukturang umaalalay sa kapwa fan upang isulong ang danas ng paghanga sa nibel na mas madaling maaakses ng lahat. Halimbawa, sa hanay ng K-pop fans na hayagang kakikitaan ng tagibang na kakayahang kumonsumo na idinudulot ng pagkakaiba ng panlipunang estadong kinabibilangan ng bawat tagahanga (Pulvera 274), samo’t saring obheto at karanasan ang iniaalok ng mayamang bukal na pinakaiingatan ng fandom– mula sa kinalap na online sources (276) hanggang sa produktong gawa ng kapwa tagahanga (282)–upang makatagpo ang fan sa kakayahan nito. Sa mga ganitong praktis tumitingkad ang diskarte ng fandom sapagkat maparaang nahahanapan ang bawat isang fan ng oportunidad na makilahok maski sa pamamagitan ng mga pamaraang alternatibo na kadalasang inilalagak sa internet na espasyong nakapag-aalok ng malawak na potensiyal (284). Mula sa binubuong hashtag na kinalalagyan ng mga payo sa pag-iipon para mapaghandaan ang konsiyerto (hal. #IPONING ng Filipino EXO fans na tinalakay nina Atanacio-Blas & Erastain), inilulunsad na group chat at online threads upang real time na makapagbahagi ng update tungkol sa mga pagtatanghal ng idolo na naaakses lamang sa mga cable channel (Pulvera 284), ipinapaskil na concert fanvids na paraan ng pagbabahagi

ng karanasan sa mga “team bahay” na walang sapat na kakayahan upang makapaglakbay lalo pa’t hadlang ang mismong arkipelahikong katangian ng bansa (San Pedro 4), hanggang sa pag-aarkila ng mga sasakyang libreng maghahatid sa kapwa fan para tiyak itong makadalo sa mga pagtitipon (M. Benitez 43), fandom ang isang lunan na naghahangad na pag-ugnayin ang mga guwang na nililikha ng magkakaibang panlipunang-uri kaysa idiin at ipatupad ang paghihiwa-hiwalay ng mga ito (M. Benitez 43).

Sa ganitong kultura lalong namamalas ang pagkilala ni Benitez sa “biformal nature of K-pop” na lumilikha ng pagkakaiba sa pagitan ng mga produktong iniaalok ng industriya at praktis na nililikha ng mga tagahanga kaugnay nito. Bagaman may mga mapanghating tinig na dumedebate halimbawa sa normalidad ng ilegal na panonood at pagkonsumo bilang pangunahing paraan ng pagpapalawig ng akses lalo na sa K-pop fandom (“Sari-Sari | 11 Aug 21 | Usapang Fandom: Kdrama (Ikalawang Bahagi); Atanacio-Blas & Erastain 743-44), mahirap sugpuin ang kalakarang ito. Bukod sa hindi mapili ang fans sa uri ng materyal na kanilang ikokonsumo at aariin– kung lehitimo o hindi, kung orihinal o kopya– hangga’t natutugunan nito ang kanilang mga hangaring pang-fandom (Pulvera 290), maiuugat sa kasaysayan lalo na ng aktibong pagkonsumo ng kulturang popular ang mga praktis na ayon kay Fiske ay nagpapamalas ng “pagkamalikhain ng mga mahihina sa paggamit ng mga resorses mula sa mapagsantabing sistema ang siyang tumututol na mapasailalim ng mismong sistemang iyon” (“creativity of the weak in using the resources provided by a disempowering system while refusing finally to submit to that power”; sariling salin; 47). Halimbawa na lang sa mga Noranian, na umiral deka-dekada bago maestablisa ang malawakang komunidad ng K-pop fans sa bansa, naging palasak sa kanilang hanay ang pagpilas ng magasin sa beauty parlor, pangunguha ng naglipanang mga poster ng Dial soap bilang sabong ikinokomersiyal ng idolo, pagrekord ng mga commercial jingle nitong napapakinggan sa radyo, maging ang pagsagot ng ‘Nora’ sa test kapag hindi alam ang sagot bilang mga kongkretong pagpapamalas ng paghanga na hindi natatakdaan ng malakihang paggastos (De Guzman, *Si Nora Aunor sa Mga Noranian*).

Subalit, hindi natatapos ang diskarteng ipinapamalas ng fandom sa pagtalikod sa usapin ng pera bilang pinakaliteral na manipstasyon ng pagkakaiba ng panlipunang uri na kinabibilangan ng mga tagahanga. Sa kaibuturan ng kanilang matagal nang pag-iral bilang komunidad, mababakas din kung paano nila dinidiskartehan ang mga tugong magdidiin ng kanilang angking katalinuhan at kadalubhasaan na kaiba sa malaganap na pamumuna laban sa kanila. Dahil sa kanilang karanasan at alaala nakasilid ang mga nagdaang anyo ng midya na makapaglalarawan sa mayamang bukal ng kulturang popular ng Pilipinas na

karaniwang hindi prayoridad na iartsibo ng mga mapang-ismid na institusyon gaya ng mga museo at pamantasan, may alok na pagkatuto ang pagbabad sa kanilang mga salaysayin lalo na para sa mga kasalukuyang iskolar na araling Pilipino at araling kultural. Kanugnog ng pagiging aktibo ng mga tagahanga sa partisipasyon, pakikilahok, at negosasyon sa mga ito, awtomatikong naimamapa ng kanilang personal na kasaysayan ang mas malawak na kulturang Pilipino na nakapaloob sa mga anyong pang-enterteynment na hinahangaan.

Sa pamamagitan halimbawa ng pagbabasa ng mga naisingit na pagtatalang nakapailalim sa mga proyektong may ibang kaabalahan, tulad na lang ng akdang *Movie Queens* ni Orsal na natapik ang mga gawi ng fans na nakapagluluklok sa mga piling aktres na maging reyna ng lokal na showbiz, napapamilyarisa ang mambabasa sa mga akto ng pakikilahok ng mga tagahanga noon. Isang nagamit na halimbawa ang maramihang pagbili ng magasin upang punan ang mga nakalaki ditong balota at ipadala sa mga nangangasiwang opisina upang maitanghal ang “Miss Philippines Movies” (*Weekly Graphics*), “Queen of Philippine Movies” (*Literary Song Movie Magazine*), at “Reyna ng Pelikulang Pilipino” (*Bulaklak Publications*) (34). Bagaman nagsimula ang praktis noong dekada sitenta kung kailan naging pinakamatunog ang labanang Susan Roces at Amalia Fuentes, pinatunayan ng isa pang panayam kay dating Bise Presidente Leni Robredo na nagpatuloy ang naturang patimpalak hanggang noong dekada otsenta. Sa naturang panayam, nabanggit ni Robredo kung gaano kalakas ang kaniyang naging paghanga kay Maricel Soriano na naipamalas niya sa pamamagitan ng palagiang pagbili ng mga magasing tulad ng *Jingle Extra Hot* kung saan may mga pahinang maaaring punan upang iboto ang paborito artista.

Bukod sa mga ganitong paandar na nagbibigay-espasyo para sa malusog na kompetisyon sa pagitan ng mga tagahanga, sentral din sa mga naunang mukha ng paghanga ang pagbili at pagrerenta ng mga publikasyon tulad ng komiks at magasin na kakawing ng akto ng pagsusulat ng fan mail at fan letters sapagkat dito nakalagay ang address na maaaring padalhan ng mga naturang liham. Dahil maraming opsiyon—*Kislap*, *Bongga*, *Movie Special*, *Pioneer*, *TSS*, *Pinoy Classics*, *Pinoy Reporter at Movie Fans*—at malawakang ibinebenta sa mga sari-sari store, tindahan sa palengke, at botika ang mga babasahing ito, higit na madaling maakses ng ordinaryong mamamayan ang kulturang pangkomiks noon kaysa sa nailarawang estado nito sa kasalukuyan na ayon sa pag-aaral nina Sagun at Luyt ay mayorya nang kinabibilangan ng mga “symbolic elites” tulad ng mga mamamahayag, manunulat, artista, direktor, akademiko at iba pang kultural na manggagawa (105).

Hindi natatapos ang pakikilahok ng mga fans sa mga babasahing kinatatampukan ng mga idolo. Aktibo rin silang tagapakinig ng radyo lalo na ng mga programang

karaniwang nagpapatugtog ng mga awitin ng kanilang hinahangaan. Halimbawa na lang sa mga Noranian, batid nila ang pagkiling ng mga programang tulad ng kay Johnny De Leon sa DZXL (Roxas 187), Tita Swarding sa DWOO, Kuya Germs sa DZZBB (Yabut 229), at Giovanni Calvo sa AM Station (Sabido 192) kung kaya't laging nakaabang kung kailan patutugtugin ang mga kanta ni Nora. Sa labas naman ng kanilang mga tahanan kung saan isinasagawa ang personal na pagbabasa at pakikinig, karaniwan silang nakapagniniig bilang komunidad sa mga sinehan na noon ay posibleng pagtambayan para mapanood nang pitong beses ang isang pelikula mula sa una hanggang sa huling screening nito (Landicho 108), at sa mga malawakang petisyon tulad ng isinagawa sa Araneta Coliseum upang isulong ang patuloy na pag-eere ng *Superstar* na programa ni Nora na ipinapalabas tuwing Linggo matapos nitong maging bahagi ng telebisyon sa loob ng dalawampung taon (So 203).

Kung sa mga pagkakataon tulad ng petisyon naipapaabot ng fandom ang kolektibong boses sa industriyang nangangasiwa sa karera ng idolo, may mga piling oportunidad naman para maibahagi ng indibidwal na tagahanga ang kani-kanilang boses sa madla. Isa sa madalas maimbitihan ang Nora die-hard fan na kinikilala sa palayaw na 'Mandy' na bukod sa pagiging suheto ng ilan sa pinakaunang pag-aaral na sentral na kumulates sa paghanga (Halimbawa: Flores *Makulay na Daigdig* at Pascual "Devotion"), madalas din siyang maimbitahan sa mga programa tulad ng *Tell the People*, *Balitang K*, *Extra Extra*, *Etcetera*, *Pipol*, *Mel and Jay* at *Diretsahan* dahil sa malawak at malalim niyang kabatiran tungkol sa mga balita, isyu, proyekto, at personal na buhay ni Nora bilang tampulan ng debosyon (Diaz 78).

Bagaman madaling nahuhugot at naiipon ang mga naturang kaalaman sa personal na pagkonsumo ng mga itinalang halimbawa— mula sa komiks at magasin, radyo, pelikula, at telebisyon, madalas ding tumawid ang mga tagahanga sa pagsandig sa kabatirang mayroon ang mga akademikong nagsusulat at sumusuporta rin sa hinahangaan. Halimbawa, sa proseso ng pagtatanggol sa idolo at paggigiit sa "husay at kalibre nito" na "mabisang [makapagpapatahimik ng] kalabang basher" (Barcelona 93-94), nagiging "curator din ng impormasyong maaaring magamit [ang mga fans] para masuhayan ang batayan ng kanilang paghanga. . ." (93). Sa ispesipikong kaso ng mga Noranian na laging nakatatanggap ng pamumunang bakya o baduy ang paghanga sa aktres, pinapatunayang "madaling maging fan ang taong may utak" sa pagsipi ng mga pagsusuring umuugat sa mga premyadong kritiko sa bansa tulad nina Isagani Cruz, Bienvenido Lumbera, at Nick Joaquin (Capellan 36-37). Dagdag na pagpapahalaga rin sa aktres ang hinuhugot sa pananaw na nagmumula sa kapwa tagahanga na nagtatrabaho sa akademya na malimit pagmulan ng mga diskusyong sumusuri sa kaangkupan ng pagganap ng aktres sa pelikula bilang midyum (Gulosino 87). Sa mga pagkakataong ito, lagi't



lagi ring nasasandigan ang husay ng mga direktor na nakatrabaho ng idolo gaya nina Lino Brocka at Ishmael Bernal na kapwa pambansang alagad ng sining. Mula sa mga nakalap at natutuhang impormasyon, may kakayahan din ang ordinaryong tagahanga na isailalim ang proyekto ng aktres sa pansariling pagkikritika. Halimbawa, isang fan ang nagbahaging “taon-taon gumagawa ng sariling pagsusuri sa mga pelikula ni Nora, [at] inaalang kung panlaban sa FAMAS o hindi ang mga ito na nangangahulugang epektibong nagagamit ng mga fan ang naakses na impormasyon sa pag-unawa sa sariling paghanga sa idolo (Demafeliz 68).

Maganda ring maidiin na hindi nanatili sa abstraktong karanasan at impormasyon ang iniaambag na pangkulturang kaalaman ng mga tagahanga. Sa maingat na pangongolekta at pag-aartsibo ng mga ito ng mga materyal na bahagi ng legasiya ng idolo, sabay na nilang naiipon sa ilang taon ng paghanga ang mga pisikal na obhetong ginupit sa kung saan, ipinakiusap hingin sa kung sino, ikinahon sa kung ano upang ingatan at kalaunan ay maibahagi rin sa iba. Ang mga natipong koleksiyon na ito na pinapahintulutang maakses ng ibang interesante tulad ng naging kaso ni Mandy kay Pascual na naihayag sa akda nitong “Devotion” at mapagbigay na itinatambad sa publiko sa pamamagitan ng mga blogs na “Pinoy Superheroes Universe,” “Ernee’s Corner,” at “Video 48” na inisa-isa ni Cherish Brillon sa kaniyang pag-aaral ay hindi matatawarang mas may higit na ambag sa pagpreserba ng memorya ng sambayanang Pilipino sa mga nagdaan nitong anyo ng kulturang popular (68) lalo na kung ikukumpara sa limitadong koleksiyon ng mga pormal na institusyon na matagal na nang-etsapuwera sa mga uri ng sining at materyal na minata bilang walang kuwenta, mababang uri, at walang kaugnayan sa mas malawak na kasaysayan ng bansa (77).

### **Halaga ng Uri sa Pinalawak na Diskurso ng Paghanga**

Nakahulma ang larangan ng Aralin sa Paghanga o Fan Studies sa nasasaksihan at itinatala nitong pagkilos at pagpapahalagang umuugat sa fans bilang pangunahin nitong suheto. Sa pag-iral ng larangan sa loob ng akademya sa nakalipas na tatlung taon- na ikinakawing sa makasaysayang pagkakalimbag ng mga indibidwal na pag-aaral nina Jensen, Jenkins, at Bacon-Smith na sabay-sabay na naisapubliko noong taong 1992, unti-unti nang lumawak ang kaabalahan ng larang sa pagsusumikap nitong saklawin ang mahahalagang kultural na identidad na hindi maihihiwalay sa katauhan ng isang tagahanga. Mula sa sentralidad ng lenteng pangkasarian na ginamit upang simulang unawain ang penomenon sa pagkakatalsad ng disiplina noong 1992, nagsanga ito sa pagpapaloob din sa diskurso ng mga implikasyong dulot ng kinabibilangang lahi, etnisidad, relihiyon, at maging ang karanasan sa pagkakaroon ng kapansanan na sapin-saping realidad ng bawat isang fan na pinagbubuklod ng paghanga.

Kung natitipon ng fans ang kolektibong alaala sa pamamagitan ng abstrakto at kongkretong pamamaraan na may mekanismo upang maipasa sa mga susunod na magiging fan habang natitiyak ring maipababatid sa kung sinuman ang magkainteres na pag-aralan ito sa hinaharap, aktibo ring ipinapadron ng akademikong larang sa gawi ng fans ang patitipon ng mga boses ng mga iskolar na may kaniya-kaniyang kaligirang pinagmumulan. Sa pamamagitan ng mga pormal (tulad ng dyornal, antolohiya, kumperensiya) at impormal (tulad ng Facebook groups, Twitter hashtags, at Discord servers) na espasyo ng pag-uusap, pagniniig, at kolaborasyon, patuloy na nailuluwal ang mga obserbasyon, pagtataya, at kaalaman tungkol sa iba't iba pang mukha ng paghanga.

Sa kabila ng makapal at madaming proyekto at programang inilulunsad, pinapanawagan pa rin ng sanaysay ang mas intensiyonal at tutok na pagkilates sa dinamikang idinudulot at ibinubunga ng panlipunang-uri bilang kultural na kategorya sa penomenon ng paghanga. Bukod sa mamamataan sa larangan ang hayag na kakulangan ng mga pag-aaral na direktang sumisipat dito, malinaw ding naididiin nina Gatson at Reid na ang hindi pagsasadiskurso ng kultural na kategorya— at isa na rito ang class na lagi namang naihahanay sa mga identidad na nasusundot na ng disiplina gaya ng lahi, kasarian, at seksuwalidad —ay mauwi sa pagkakalikha ng imahen ng isang karaniwan, normalisado, at awtomatikong hitsura ng isang “generic,” “normalized,” o “default” fan na hindi nasasaklaw ang kasalimuotan ng mga indibidwal na aktibong nakikibahagi at humuhubog sa penomenon.

Sa pagpapalawig ng naartikularisa na ring obserbasyon ni Avi Santo na ang pagkakaiba-iba ng uring kinabibilangan ang isa sa hindi napag-uusapang dimensiyon ng fandom (331), nilayon ng pag-aaral na kalapin ang mga nasabi na hinggil sa lokal na fan at fandom upang dito hugutin ang panimulang bakas kung papaano natatapik kahit papaano ng mga Aralin sa Paghanga ang usapin ng uri. Bagaman iba-iba ang pokus ng mga naminang pag-aaral, nag-aalok pa rin ang mga ito ng datos na maaaring habiin upang panimulang maimapa ang paraan kung paano tinatanggap, kinakaharap, kinakasangkapan, tinatalikuran, at hinahamon ng mga tagahanga ang magkakaiba nitong panlipunang-uri at pang-ekonomikong estado na kinahahahanayan. Sa proseso ng pagkiling sa mga Filipino fandom na may mayamang bukal ng kabatiran hinggil sa pakikisangkot ng Filipino fans sa larangan ng parehong enterteynment at isports habang lubog sa implikasyon ng makauring realidad, lumitaw na ang estado at herarkiyang nabubuo nito ay aspektong sabay na isinasantabi at ibinubungad ng mga fan sa mga paraan nitong paghanga.

## MGA SANGGUNIAN

- @anexactscience. "every time there's a wattpad vs ao3 tweet i cannot believe that there are /actually/ people on wattpad." *Twitter*, 5 Mar. 2021, 7:12 a.m., [www.twitter.com/anexactscience/status/1367614027296350208](https://www.twitter.com/anexactscience/status/1367614027296350208).
- @iKONDaddae. "Unpopular opinion: FB stans vs Twt stansFB stans, if you get a tweet here in Twitter, please put proper credits." *Twitter*, 5 Apr. 2019, 12:57 p.m., [www.twitter.com/iKONDaddae/status/1114029222585147392](https://www.twitter.com/iKONDaddae/status/1114029222585147392).
- @PA3RL11. "ao3 vs. wattpad." *Twitter*, 25 May 2021, 6:34 a.m., [www.twitter.com/PA3RL11/status/1396957739264446476](https://www.twitter.com/PA3RL11/status/1396957739264446476).
- @yoonkookerist. "fbstans vs. twt ppl. you know who's toxic and who's mature." *Twitter*, 27 Aug. 2020, 12:05 a.m., [www.twitter.com/yoonkookerist/status/1298652688977035265](https://www.twitter.com/yoonkookerist/status/1298652688977035265).
- Almario, Virgilio. "Cinderella Superstar: The Life and Legend of Nora Aunor." *Readings in Philippine Cinema*, edited by Rafael Ma. Guerrero, Experimental Cinema of the Philippines, 1983, pp. 135-43.
- Antolihao, Lou. "Rooting for the Underdog: Spectatorship and Subalternity in Philippine Basketball." *Philippine Studies*, vol. 58, no. 44, 2010, pp. 449-80. [www.jstor.org/stable/42634651](https://www.jstor.org/stable/42634651).
- Atanacio-Blas, Fe at Charelome O. Erastain. "Phenomenographical Colloquies of the Hallyu Wave Among Selected Students of Taytay Senior High School, Philippines." *Journal of Social Sciences*, vol. 6, no. 1, 2020, pp. 736-53. doi: 10.20319/pijss.2020.61.736753.
- Bacon-Smith, Camille. *Enterprising Women: Television Fandom and the Creation of Popular Myth*. U of Pennsylvania P, 1992.
- Barcelona, Noel Sales. "Fandom Wars: Digmaan sa Keyboard, Love Teams, at Kung Paano nga ba Hinuhubog ng Social Media, Internet, at Showbiz and Kabataan Pinoy." *Hindi Nangyari Dahil Wala sa Social Media*, edited by Rolando B. Tolentino, Vladimeir B. Gonzales, Laurence Marvin S. Castillo, Ateneo de Manila UP, 2021, pp. 85-102.
- Barrios, Joi. "Kung Bakit Lagi Kong Pinapanood ang mga Pelikula ni Sharon Cuneta." *Kritikal na Espasyo ng Kulturang Popular*, edited by Rolando B. Tolentino and Gary C. Devilles, Ateneo de Manila UP, 2015, pp. 279-85.
- Benitez, Christian Jil R. "Ekonomiya ng mga Bulaklak: Ang Paghanga sa Bituing Walang Ningning." *Pelikula: A Journal of Philippine Cinema*, vol. 4, 2019, pp. 37-40. [www.pelikulajournal.com/volumes](http://www.pelikulajournal.com/volumes).
- Benitez, Maria Alessanda Carpio. *Towards a New World: Contesting Structures of Domination through K-pop Fandom in the Philippines, 2006-2015*. 2022. Barnard College, Columbia U, Undergraduate Senior Thesis.
- Bituing Walang Ningning*. Directed by Emmanuel Borlaza, performances by Sharon Cuneta, Cherie Gil, Christopher de Leon, Viva Films, 1985.
- Bolisay, Richard. "'Yes, You Belong to Me!': Reflections on the JaDine Love Team Fandom in the Age of Twitter and in the Context of Filipino Fan Culture." *Plaridel*, vol. 16, no. 2, 2019, pp. 41-61. doi: 10.52518/2020.16.2-03bolsay.

- Brillon, Cherish Aileen. "Fan Blogs as Archives of Popular Culture Memory." *Hindi Nangyari Dahil Wala sa Social Media*, edited by Rolando B. Tolentino, Vladimeir B. Gonzales, Laurence Marvin S. Castillo, Ateneo de Manila UP, 2021, pp. 68-84.
- Cabbuag, Samuel. "Striving for Authenticity: The Foundation and Dynamics of the ALDub Nation Fandom." *Plaridel*, Early View, pp. 1-30. doi:10.52518/2021-03cbbuag.
- Capellan, Tim A. "And Guy Smiled at Me." *Si Nora Aunor sa mga Noranian: Mga Paggunita at Pagtatapat*, edited by Nestor De Guzman, Milflores Publishing, Inc., 2005, pp. 36-38.
- Cruz, Andres Cristobal. "Remembrance of the Movies Past" *Readings in Philippine Cinema*, edited by Rafael Ma. Guerrero, Experimental Cinema of the Philippines, 1983, pp. 126-34.
- de Guzman, John Rex. "They Who "Worship": Profiling the Fandom of Asian Celebrities." *East Asian Popular Culture: Philippine Perspectives*, edited by Michiyo Yoneno-Reyes, Asian Center, U of the Philippines-Diliman, 2013. pp. 157-88.
- De Guzman, Nestor. Paunang Salita. *Si Nora Aunor sa Mga Noranian: Mga Paggunita at Pagtatapat*, edited by Nestor De Guzman, Milflores Publishing, 2006, pp. vii-xiii.
- \_\_\_\_\_. *Si Nora Aunor sa Mga Noranian: Mga Paggunita at Pagtatapat*, edited by De Guzman, Milflores Publishing, 2006.
- Demafeliz, Jorge. "Pearly Shells." *Si Nora Aunor sa mga Noranian: Mga Paggunita at Pagtatapat*, edited by Nestor De Guzman, Milflores Publishing, Inc., 2005, pp. 66-69.
- Deza, Alfonso B. "Discussing FPJ." *Mythopoeic Poe: Understanding the Masa as Audience Through the Films of Fernando Poe, Jr.* Great Books Publishing, 2006, pp. 87-118.
- \_\_\_\_\_. "FPJ on Filmmaking." *Mythopoeic Poe: Understanding the Masa as Audience Through the Films of Fernando Poe, Jr.* Great Books Publishing, 2006, pp. 119-39.
- Diaz, Admando "Mandy" Jr. "Himala." *Si Nora Aunor sa mga Noranian: Mga Paggunita at Pagtatapat*, edited by Nestor De Guzman, Milflores Publishing, Inc., 2005, pp. 74-79.
- Eraserheads. "Para sa Masa." *Sticker Happy*, BMG Records (Pilipinas) Inc., 1997.
- Fiske, John. "Commodities and Culture." *Understanding Popular Culture*. Routledge, 1989. pp. 23-47.
- Flores, Patrick D. "Fall of Grace: Nora Aunor as Cinema." *Kritika Kultura*, vol. 0, no.25, 2015. pp. 46-74. [www.ajolbeta.ateneo.edu/kk/articles/79/886](http://www.ajolbeta.ateneo.edu/kk/articles/79/886).
- \_\_\_\_\_. *Makulay na Daigdig: Nora Aunor and the Aesthetic of Sufferance*. 2000. U of the Philippines, Dissertation.
- \_\_\_\_\_. "The Dissemination of Nora Aunor." *Geopolitics of the Visible: Essays on Philippine Film Cultures*, edited by Rolando B. Tolentino, Ateneo de Manila UP, 2000, pp. 77-95.
- Ford, Sam. "'He's a Real Man's Man": Pro Wrestling and Negotiations of Contemporary Masculinity." *The Routledge Companion to Media Fandom*, edited by Melissa A. Click and Suzanne Scott, Routledge, 2018, pp. 174-83.
- Fuller-Seeley, Kathryn. "Archeologies of Fandom: Using Historical Methods to Explore Fan Cultures of the Past." *The Routledge Companion to Media Fandom*, edited by Melissa A. Click and Suzanne Scott, Routledge, 2018, pp. 27-34.

- Ganzon, Sarah Christina. "Growing the Otome Game Market: Fan Labor and Otome Game Communities Online." *Human Technology*, vol. 15, no. 3, 2019, pp. 347-66. [www.ht.csr-pub.eu/index.php/ht/article/view/275](http://www.ht.csr-pub.eu/index.php/ht/article/view/275).
- Gatson, Sarah N., and Robin Anne Reid. "Race and Ethnicity in Fandom." *Transformative Works and Cultures*, special issue of *Race and Ethnicity in Fandom*, no. 8, 2011. doi: 10.3983/twc.2011.0392.
- Geraghty, Lincoln. "Class, Capital, and Collecting in Media Fandom." *The Routledge Companion to Media Fandom*, edited by Melissa A. Click and Suzanne Scott, Routledge, 2018, pp. 212-20.
- Geraghty, Lincoln, et al. "Roundtable: The Past, Present and Future of Fan Fiction." *Humanities*, vol. 11, no. 5, 2022, pp. 1-11. doi: 10.3390/h11050120.
- Granada, Gary. "Pag Nananalo ang Ginebra." *Barangay*, Backdoor Records, 1998.
- \_\_\_\_\_. "Pag Natatalo ang Ginebra." *Barangay*, Backdoor Records, 1998.
- Gulosino, Iggy. "Impossible Dream." *Si Nora Aunor sa mga Noranian: Mga Paggunita at Pagtatapat*, edited by Nestor De Guzman, Milflores Publishing, Inc., 2005, pp. 86-88.
- Jenkins, Henry. *Textual Poachers: Television Fans and Participatory Culture*. Routledge, 1992.
- Jensen, Joli. "Fandom as Pathology: The Consequences of Characterization." *The Adoring Audience: Fan Culture and Popular Media*, edited by Lisa A. Lewis, Routledge, 1992, pp. 9-29.
- Lacaba, Jose F. "Notes on "Bakya": Being an Apologia of Sorts for Filipino Masscult." *Readings in Philippine Cinema*, edited by Rafael Ma. Guerrero, Experimental Cinema of the Philippines, 1983, pp. 117-23.
- Landicho, Domingo G. "Bakit Nila Mahal si Nora Aunor?." *Si Nora Aunor sa mga Noranian: Mga Paggunita at Pagtatapat*, edited by Nestor De Guzman, Milflores Publishing, Inc., 2005, pp.107-09.
- Lasco, Gideon. "What Ginebra Taught Me About Fanaticism." *Philippines is Not a Small Country*, Ateneo de Manila UP, 2020, pp. 42-44.
- Legaspi, Celeste. "Movie Fans." *Celeste Celeste*, WEA Records, 1979.
- Lim, Bliss Cua. "Fandom, Consumption, and Collectivity in the Philippine New Cinema: Nora and the Noranians." *Women and the Media in Asia: The Precarious Self*, edited by Youna Kim, Palgrave Macmillan, 2012, pp. 179-203.
- \_\_\_\_\_. "Sharon's Noranian Turn: Stardom, Embodiment, and Language in Philippine Cinema." *Discourse*, vol. 31, no. 3, 2009, pp. 318-58. [www.escholarship.org/uc/item/6867483k](http://www.escholarship.org/uc/item/6867483k).
- Malabed, Rizalino Noble. "Para sa Masa: The Impossibility of Eraserheads and the Split of the People of EDSA." Politics of Film and Fiction Lecture Series, Department of Social Sciences, University of the Philippines-Los Baños, October 2022, U of the Philippines-Los Baños, Philippines. Lecture, pp 1-17.
- Mueller, Hannah. "Preserving Harmony in All the Fan Field: The Great Exclusion, The Breen Boondoggle and the Debate Over Community." *The Politics of Fandom: Conflicts that Divide Communities*. McFarland & Company, Inc., Publishers, 2002, pp. 18-47.
- "Nang Maging Champion ang Ginebra Gary Granada." YouTube, uploaded by Walter Iglesia, 12 Feb. 2014, [www.youtube.com/watch?v=G\\_HoDZ0Mwcc](http://www.youtube.com/watch?v=G_HoDZ0Mwcc).

- Orsal, Cesar D. *Movie Queen: Pagbuo ng Mito at Kapangyarihang Kultural ng Babae sa Lipunan*. New Day Publishers, 2007.
- \_\_\_\_\_. "Vilma Reads Her Fans." *Pelikula*, vol. 2, no. 2, 2001-2002, pp. 53-56.
- Pascual Jr., Wilfredo O. "Devotion." *Philippine Studies*. vol. 53, no. 2&3, 2005, pp. 300-18. [www.jstor.org/stable/42633756](http://www.jstor.org/stable/42633756).
- \_\_\_\_\_. "Devotion II." *Kritika Kultura*, vol.0, no. 25, 2015, pp. 379-406. [www.ajol.ateneo.edu/kk/articles/79/889](http://www.ajol.ateneo.edu/kk/articles/79/889).
- Perez, Christopher. "Closet Noranian." *Si Nora Aunor sa mga Noranian: Mga Paggunita at Pagtatapat*, edited by Nestor De Guzman, Milflores Publishing, Inc., 2005, pp. 160-65.
- Polistico, Greg. "Bilangin ang Bituin sa Langit." *Si Nora Aunor sa mga Noranian: Mga Paggunita at Pagtatapat*, edited by Nestor De Guzman, Milflores Publishing, Inc., 2005, pp. 165-70.
- Pulvera, Diane M. "Filipino BIGBANG Fandom: A Textual Analysis of Online Fandom Community Activities." *Media Asia*, vol. 48, no. 4, 2021, pp. 271-94. doi: 10.1080/01296612.2021.1959704.
- Que, Gilbert Jacob. "Stagnant Fans and Retired Fans: The Other Side of Hallyu Fandom in the Philippines." *Ateneo Korean Studies Conference Proceedings*, vol. 1, no. 1, 2014, pp. 48-59. [www.ajol.ateneo.edu/kscp/articles/181/2002](http://www.ajol.ateneo.edu/kscp/articles/181/2002).
- Ramos, Dorcas Juliette. "Pinoy Cosplay: Profile of Cosplayers in the Philippines." *East Asian Popular Culture: Philippine Perspectives*, edited by Michiyo Yoneno-Reyes, Asian Center, U of the Philippines- Diliman, 2013. pp. 143-56.
- Remollino, Bernard James. "Scrapping Into A Knot: Pinoy Boxers, Transpacific Fans, And The Troubling of Interwar California's Racial Regimes." *Alon: Journal for Filipinx American and Diasporic Studies*, vol. 1, no. 2, 2021, pp. 149-78. doi: 10.5070/LN41251006.
- Robredo, Atty. Leni. Backstories- Celebrity Campaign Volunteers. *Facebook*, 15 May 2023, 8:15 p.m., [www.facebook.com/watch/?v=1666977660432848](https://www.facebook.com/watch/?v=1666977660432848). Accessed May 15, 2023.
- Rodriguez, Mia. "10 Popular Eraserheads Songs and What They Really Mean." *Spot*, 13 June 2021, [www.spot.ph/entertainment/movies-music-tv/86437/eraserheads-song-meanings-a4362-20210612-lfrm](http://www.spot.ph/entertainment/movies-music-tv/86437/eraserheads-song-meanings-a4362-20210612-lfrm). Accessed 15 May 2023.
- Roxas, Mario. "Tadtarin Man Ako nang Pinong-Pino." *Si Nora Aunor sa mga Noranian: Mga Paggunita at Pagtatapat*, edited by Nestor De Guzman, Milflores Publishing, Inc., 2005, pp. 186-90.
- Sabido, Raffy Manzano. "Bunso." *Si Nora Aunor sa mga Noranian: Mga Paggunita at Pagtatapat*, edited by Nestor De Guzman, Milflores Publishing, Inc., 2005, pp. 191-96.
- Sagun, Karryl Kim Abella and Brendan Luyt. "The Industry Avengers: An Analysis of Contemporary Comic Book Publishers in the Philippines." *Convergence*, vol. 26, no. 1, 2020, pp. 102-15. doi: 10.1177/1354856517751380.
- San Pedro, Aira Mae A. *From Live to Online Audience: Factors That Led to the Uploading of Fan Concert Videos on Social Media*. 2016. U of the Philippines Diliman, Undergraduate Thesis.

- Santo, Avi. "Fans and Merchandise." *The Routledge Companion to Media Fandom*, edited by Melissa A. Click and Suzanne Scott, Routledge, 2018, pp. 329-36.
- Santos, Maria Lorena M. "Western Texts and New Worlds: Politics of Identity in a Philippine Fan Community." *Philippine Humanities Review*, vol. 15, no. 1, 2013, pp. 51-67. [www.tmc.upd.edu.ph/index.php/phr/article/view/4672/0](http://www.tmc.upd.edu.ph/index.php/phr/article/view/4672/0).
- "Sari-Sari | 11 Aug. 21 | Usapang Fandom: Kdrama (Ikalawang Bahagi)." YouTube, uploaded by Radyo Katipunan 87.9 FM, 11 Aug. 2021, [www.youtube.com/live/2pHRGIM9BVI?feature=share](https://www.youtube.com/live/2pHRGIM9BVI?feature=share).
- So, Emmanuel. "Superstar." *Si Nora Aunor sa mga Noranian: Mga Paggunita at Pagtatapat*, edited by Nestor De Guzman, Milflores Publishing, Inc., 2005, pp. 201-05.
- Sotto, Agustin L. "Interview with Lino Brocka on "Bona"." *Lino Brocka: The Artist and His Times*, edited by Mario A. Hernando, Sentrong Pangkultura ng Pilipinas, 1993, pp. 234-36.
- Stanfill, Mel. "Doing Fandom, (Mis)doing Whiteness: Heteronormativity, Racialization, and the Discursive Construction of Fandom." *Transformative Works and Cultures*, special issue of *Race and Ethnicity in Fandom*, no. 8, 2011. doi: 10.3983/twc.2011.0256. *Subcultures and Sociology Department*. Grinnell College, n.d., [haenfler.sites.grinnell.edu/subcultural-theory-and-theorists/fandom-and-participatory-culture/](http://haenfler.sites.grinnell.edu/subcultural-theory-and-theorists/fandom-and-participatory-culture/). Accessed 22 May 2023.
- "The Eraserheads Memorable Singles (Part 2)." *Pep*, 1 Oct. 2008, [www.pep.ph/lifestyle/17098/the-eraserheads-memorable-singles-part-2](http://www.pep.ph/lifestyle/17098/the-eraserheads-memorable-singles-part-2). Accessed 15 May 2023.
- Torregoza, Hannah. "The Haunting." *Manila Bulletin*, 8 Oct. 2018, [www.mb.com.ph/2018/10/08/the-haunting/](http://www.mb.com.ph/2018/10/08/the-haunting/). Accessed 15 May 2023.
- Tugade, Glorina. "Sa Loob at Labas ng Kumbento." *Si Nora Aunor sa mga Noranian: Mga Paggunita at Pagtatapat*, edited by Nestor De Guzman, Milflores Publishing, Inc., 2005, pp. 214- 18.
- Yabut, Wilfredo L. "Mahal Mo, Mahal Ko." *Si Nora Aunor sa mga Noranian: Mga Paggunita at Pagtatapat*, edited by Nestor De Guzman, Milflores Publishing, Inc., 2005, pp. 226-30
- Yusiang, Cecille Anne L. *Fandom as Artworld: Fan Art Production in an Online Sherlock Fan Community*. 2014. U of the Philippines Diliman, Undergraduate Thesis.
- Zafra, Galileo S. "GANAP na Kapatiran Para kay Nora at sa Bayan." *Pelikula*, vol. 2, no. 2, 2001-2002, pp. 50-52.

---

Si **Andrea Anne I. Trinidad** ([atrinidad@ateneo.edu](mailto:atrinidad@ateneo.edu)) ay nakapagtapos ng kursong AB-MA Panitikang Filipino sa Pamantasang Ateneo de Manila. Kasalukuyan siyang nagtuturo bilang instruktur sa Kagawaran ng Filipino, Mga Paaralang Humanidades sa parehong pamantasan ng mga kurso sa panitikan at kulturang popular. Interes niya ang mga pag-aaral na nakasentro sa usapin ng paghanga o fan studies gayundin ang mga pananaliksik na nakapailalim sa dyanra romansa bilang tekstong popular.